



BOOK

# 2

SPIRITUAL  
DISCIPLINES

FILIPINO

---

GLC  ESSENTIALS

---

# GLC ESSENTIALS

**BOOK 2: SPIRITUAL DISCIPLINES (Filipino)**  
Copyright © 2017 by Global Leadership Center

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means - electronic, mechanical, photocopy, recording, or any other, without the prior permission of GLC.

# TABLE OF CONTENTS

<b>Paunang Salita</b>	pahina 4
<b>Paano Gamitin ang Workbook na Ito?</b>	pahina 5
Unang Sesyon: <b>Nag-iisang Ugnayan</b> ( <i>Panalangin</i> )	pahina 7
Ikalawang Sesyon: <b>Nag-iisang Batayan</b> ( <i>Ang Biblia</i> )	pahina 19
Ikatlong Sesyon: <b>Isang Pamilya</b> ( <i>Ang Iglesya</i> )	pahina 29
Ikaapat na Sesyon: <b>Isang Hakbang</b> ( <i>Bautismo</i> )	pahina 39
Ikalimang Sesyon: <b>Nag-iisang Patutuon</b> ( <i>Pagsasamba</i> )	pahina 47
Ikaanim na Sesyon: <b>Isang Tungkulin</b> ( <i>Pagsasaksi</i> )	pahina 57
<b>Ano ang Susunod?</b>	pahina 63
<b>Mga Imimumungkahing Sagot</b>	pahina 65
<b>Appendix A:</b> Paano Mangasiwa o Mag-Facilitate ng Talakayan ng Isang <i>Small Group</i>	pahina 73
<b>Appendix B:</b> <i>Evaluation Tool</i> Para sa Pagpa-Facilitate ng <i>Small Group</i>	pahina 91
<b>Appendix C:</b> Pangangasiwa ng Talakayan	pahina 95
<b>Appendix D:</b> Mga Tip Para sa Pagpa-Facilitate (Pangangasiwa) ng Talakayan ng Grupo	pahina 99
<b>Appendix E:</b> Sagot sa Explore ng Ikalimang Sesyon	pahina 107

# PAUNANG SALITA

Kami ay nagagalak para iyo at nais naming malaman mo na may mga magagandang bagay na naghihintay para sa iyo, sa paghambing mo sa susunod na yugto ng iyong buhay – ang pagsunod kay Hesus! Ang pag-aaral na ito ay magbibigay sa iyo ng simpleng gabay upang makakatulong sa pagpapalalim ng iyong paglalakbay kasama si Hesus.

Matututunan mo ang iba't ibang kaugaliang pangespirituwal, na kapag ginawa ng may katiyagaan sa pamamagitan ng kakayahang nagmumula sa Diyos, ay makatutulong sa iyo upang makilala pa ng lubusan si Hesus. Matutuklasan mo rin kung papaano mo masusunod ang kalooban ng Diyos para sa iyong buhay. Naniniwala kami na sa paglalim ng iyong pagkakakilala kay Hesus, ay mas lalalim din ang iyong pagmamahal para sa Diyos. At sa paglalim ng iyong pagmamahal sa Diyos, ay magdudulot sa iyo ng kagustuhang mamuhay ng kalugod-lugod sa Kanya. Ang mamuhay para sa Diyos, ito ang pinakamasayang pakikipagsapalaran sa lahat! Kaya't binabati ka namin sa susunod na hambang ng iyong paglalakbay kasama ang ating Panginoon at Tagapagligtas, Hesu-Kristo.

# PAANO GAMITIN ANG WORKBOOK NA ITO

Ginagamit ang *workbook* na ito para sa pag-aaral ng GLC Essentials Book 2: Spiritual Disciplines. Maaari ring magamit ang aklat na ito bilang gabay sa *Bible study* ng mga *small groups*.

Kung ikaw ay isang lider o *facilitator* ng isang *small group*, mainam na pag-aralan ang mga magiging paksa sa *workbook* na ito, bilang paghahanda bago mo ituro sa iyong *small group*. Hikayatin mo rin ang mga miyembro ng iyong grupo na magkaroon sila ng sarili nilang mga *workbook*. Iwasang lumihis sa paksang pinag-aaralan sa inyong *workbook*.

Kasama sa *workbook* na ito ang mga aralin mula sa Biblia, mga aktibidad o pagsasanay na maaring gawin upang maging mas kapaki-pakinabang ang bawat pagtitipon ninyo. Maari itong gawin ng mag-isa o ng inyong *small group*. Mayroong apat na bahagi ang bawat sesyon: *Explore, Examine, Express, Experience*, at *Equip*.

- **Explore** – ito ay naglalaman ng mga aktibidad na pang-indibidwal o pang grupo na makatutulong sa inyong paghahanda sa pag-aaral ng Biblia.
- **Examine** – ito ang bahagi na naglalaman ng mga aralin mula sa Biblia na pagaaralan ninyo sa iyong grupo.
- **Experience** – Mga pang-indibidwal o pang-grupong pagsasanay (Life Apps) na sadyang dinisenyo upang gawin sa labas ng oras ng inyong pagtitipon. Sa pamamagitan ng mga Life Apps na ito, matututunan ninyo o nang iyong mga miyembro kung paano magamit sa pang araw-araw na pamumuhay ang mga katotohanang mula sa Biblia na inyong matututunan. Ito ay makakatulong upang mas maranasan ang pagbabago sa inyong buhay.
- **Equip** – Ito ay ang “*on-the-job training*” na bahagi ng *workbook* para sa iyong mga miyembro (*disciples*). Ito ay naglalaman ng mga pagsasanay para sa iyong mga miyembro na kinakailangan ng iyong pag-gabay bilang isang *discipler*. Ito ay makakatulong sa kanilang paghahanda at pagsasanay upang maging isa ring *discipler* (isang tao malugod na sumusunod kay Hesus at tintulungang gabayan ang ibang tao na sumunod kay Hesus at mamuhay ng kalugod-lugod sa Panginoon).

Tandaan na ang *workbook* na ito ay isa lamang gabay. Kailangang natin dumipende sa Banal na Espiritu na siyang magtuturo sa atin patungkol sa katotohanan at siyang tunay na makapagpapabago ng ating mga puso habang pinag-aaralan natin ang mga aralin sa *workbook* na ito.

Nananalangin kami na habang pinag-aaralan at isinasagawa mo ang mga prinsipyo na mula sa **Book 2: Spiritual Disciplines**, nawa ay magkaroon ka ng di malilimutang karanasan sa pakikipagniig mo sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu-Kristo.



UNANG SESYON

# NAG-IISANG UGNAYAN

## *Panalangin*

Kung mabigyan ka ng pagkakataong makapanayam ng personal ang Presidente o ang pinakamataas na opisyal ng iyong bansa, ano ang sasabihin mo sa kanya? Marahil hindi natin maisip kung ano ang ating itatanong o kung paano tayo makikiharap kung sakaling mabigyan tayo ng ganitong pagkakataon. Subalit ilang tao nga ba ang nabibigyan ng pagkakataong makipag-usap ng mahabang oras sa isang taong may mataas na katungkulan? lilan lamang.

Ngunit alam mo ba na tayo ay may pribilehiyong makipag-usap sa isang higit na mataas at may pinakaimportanteng posisyon sa kahit sinomang presidente o opisyal? Siya ay walang iba kundi ang Panginoon at Manlilikha ng buong kalawakan. Saan man tayo naroroon, mayroon tayong hotline sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin. Subalit marami sa atin ang hindi nararanasan ang pagpapalang nagmumula sa nakapagandang pagkakataong ito dahil kinakaligtaan o kinakalimutan natin ang manalangin.

## EXPLORE (PAGSASALIKSIK)

Kumuha ng kapartner at ibahagi sa kanya ang iyong tatlong kahilingan o pasanin na nais mong ipanalangin. Paki-limitahan lamang ang iyong kahilingan sa mga bagay na may kaugnayan lang sa inyo. (Iwasang magbahagi ng mga lihim o mga sensitibong bagay tungkol sa ibang tao.)

Maaaring mong gamitin ang ikatlong panalangin upang ipagdasal ang pangangailangan ng ibang tao kagaya ng isang miyembro ng pamilya o kasamahan sa trabaho na hindi naman *confidential*. Magpalitan kayo ng iyong kapartner at ipagdasal ang kahilingan ng bawat isa, gamit ang inyong sariling salita na nagmumula sa inyong puso.

### MUNTING KAALAMAN

---

Marahil pakiramdam natin na hindi natin alam kung ano ang tamang paraan ng pananalangin para sa ating mga alalahanin o mga alalahanin ng ibang tao. Dapat nating malaman at magbigay ng kagalakan sa atin na ipinakita ni Hesus kung paano tayo dapat manalangin noong panahon ng pagmiministeryo Niya sa mundo.

Ang panalangin ay mahalaga sa buhay ng bawat Kristiyano at ito ay isang importanteng bahagi ng “*discipleship*” sa ating “*small groups*”. Ang isang simpleng bagay na maaari nating matutunan sa pananalangin kasama ang ibang tao ay dapat maging maingat tayo kapag nagbabahagi ng mga *concerns* ng ibang tao para ipanalangin. Hindi natin dapat ibahagi para ipanalangin ang mga sikreto o problema ng ibang tao maliban na lamang kung binigyan nila tayo ng pahintulot.



## Mga Katotohanan Tungkol sa Panalangin Ayon sa Biblia

### A. Ang Panalangin ay personal na pakikipag-usap sa Diyos

*Basahin ang Mateo 6:9*

Nilikha at tinubos tayo ng Diyos upang makadaupang-palad o makipag-fellowship sa Kanya at ang panalangin ay ang ating paraan ng pakikipag-usap sa Kanya. Ito ay ang ating personal na pakikipag-ugnayan at paraan ng pagkonekta sa Kanya.

Ipinahihiwatig ng mga salitang “Ama naming nasa langit” na marilag at banal ang Diyos, subalit mapagmahal at personal din Siya. Bilang ating Ama na nasa langit, inaasam-asam Niya na makipag-usap sa atin at maipakilala Niya ang Kanyang sarili sa atin. Maaari nating siyang tawagin gAma, nagpapahiwatig ito ng ating pagiging malapit sa Kanya at ng ating relasyon sa Kanya.

*Basahin ang Awit 81:13*

Ang talatang ito ay nagpapakita ng mataimtim na pagnanais ng Diyos na makinig ang Kanyang mga tao sa Kanya. Madalas iniisip natin na ang panalangin ay ang paghiling sa Diyos ng ating mga pangangailangan, ngunit higit pa dito ang panalangin. Importante rin na makinig tayo sa Diyos at hayaan Siya na kausapin tayo. Nangungusap sa ating ang Diyos sa pamamagitan ng Biblia. Ang Banal na Espiritu ang naghahayag sa atin at nagbibigay sa atin ng kakayahang umintindi. Maaari rin tayong kausapin ng Diyos sa iba pang kapamaraan ang Diyos. Kailangan lamang nating tumugon ng wasto sa Kanyang mga sinabi.

### B. Ang panalangin ay nakakatulong upang lumalim ang ating personal na relasyon sa Diyos.

*Basahin ang Awit 27:8; Awit 84:2*

Bilang ating mapagmahal na Ama, ikinalulugod ng Diyos na ibigay sa atin ang mga bagay na hinihiling natin sa Kanya. Subalit ang tunay na layunin ng Diyos sa pagbigay ng pribilehiyong ito ay para matulungan

---

tayo na palalimin ang ating relasyong sa Kanya, gaya ng isang anak sa kanyang ama. Higit pa sa pagtanggap natin ng biyaya at pagbigay ng Diyos ng ating mga pangangailangan, ang panalangin ay nagbubunga ng mas personal at malalim na relasyon sa Kanya. Importante ang panalangin upang lumago ating relasyon sa Diyos. Habang mas tumatagal at dumadalas ang ating pakikipag-ugnayan sa Kanya sa panalangin ay mas lumalim din ang ating relasyon sa Kanya.

**C. Ipinapakita ng panalangin ng ating buong pagtitiwala sa Diyos.**

*Basahin ang Awit 62:8*

Sa panalangin, mas naiintindihan natin kung ano at sino tayo kumpara sa Diyos. Nakikita natin ang ating mga kahinaan, limitasyon at mga kabiguan natin sa perspektibo ng kung ano ang maaari Niyang gawin sa buhay natin at sa buhay ng mga tao sa ating paligid, para sa ating ikabubuti at sa Kanyang kaluwalhatian. Sa tuwing mananalangin tayo sa Diyos, ipinapakita nito ang pagdepende natin sa Kanya, bilang Kanyang mga anak, sa lahat ng ating pangangailangan. Ang tunay na mananampalataya ng Diyos ay nananalangin upang tunay na maipakita at maipahayag ng ang kanilang pangangailangan at buong pusong pagtitiwala sa Panginoong Diyos, na Siya lamang ang makapagpupuno nito.

**D. Manalangin nang may pananampalataya.**

*Basahin ang Santiago 1:6–8; Mateo 21:22*

Mahalaga ang pananampalataya sa ating buhay Kristiyano, lalo na sa panalangin. Ang pananampalataya ay ang pagkakaroon ng katiyakan sa ating inaasahan, lalo na sa mga hinihiling natin sa panalangin. Ang pananampalataya ay pagtiwala sa kakayahan, karunungan at kabutihan ng Diyos, na Siya ay may kakayahan at handang sagutin ang ating mga panalangin. Ang Diyos ay may kakayahang makagagawa ng kamanghamanghang bagay, bilang pagtugon sa panalangin na inihandog ng may pananampalataya sa Kanya. Ang ating “panalangin na may pananampalataya” ay nagpapahiwatig ng ating buong tiwala sa Diyos – na Siya ay tunay na mapagmahal at mapagbigay at Siya rin ang Diyos na may alam sa lahat ng bagay at makapangyarihan sa lahat.

---

## **E. Manalangin ayon sa kalooban ng Diyos.**

*Basahin ang 1 Juan 5:14*

Ang kalooban ng Diyos sa ating buhay ay laging para sa ating ikabubuti. Lagi niyang ipinatutupad ng Kanyang kalooban at layunin. Bilang mga mananampalataya ng Diyos, layunin natin na alamin ang Kanyang kalooban at layunin para sa ating mga buhay, pati ang mga bagay patungkol sa Kanyang gawain at kaharian. Kailangan nating tandaan na ang Diyos lamang ang tunay na nakakaalam ng lahat ng bagay, at dahil dito ay maaari Niyang ipagkait ang mga bagay na ating hinihiling o ibigay ito sa ibang pamamaraan, dahil Siya lamang ang nakakaalam kung ano ang mas nakakabuti sa atin. Kapag sinabi natin na mangyari nawa ang kalooban ng Diyos sa ating buhay, ibig sabihin din nito na isinusuko rin natin sa Diyos ang ating mga nais na mangyari (kung paano natin naiisip niyang sasagutin an gating panalangin), dahil nagtitiwala tayo na higit na marunong ang Diyos, gaya ng ginawa ni Hesus sa Getsemani (Mateo 26:39–44).

## **F. Ipinakita ni Hesus kung paano gawing bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay ang panalangin.**

*Basahin ang Lucas 5:16*

Nanalangin si Hesus sa Kanyang Amang nasa langit nang walang patid na pakikipagniig. Siya ay nanalangin bago Siya magsimula sa Kanyang pagmiministeryo. Madalas inilalaan niya ang kanyang oras sa panalangin bago magsimula ang araw at ang mga mahahalagang sandali ng Kanyang ministeryo ay namamarkahan ng panahong inilaan niya sa pananalangin. Bago siya sumunod sa krus ng kalbaryo, nakipagbuno Siya sa Diyos Ama sa panalangin. Ganito ang buhay ng panalangin na ipinakita ni Hesus. Bilang tagasunod ni Hesus, kailangan din nating sundin ang Kanyang halimbawa at higit nating kailangan na gawing bahagi ng ating araw-araw na pamumuhay ang panalangin.

---

## **Paano tinuruan ni Hesus ang mga Disipulo kung Paano Manalangin?**

Kung sa iyong palagay ay hindi ka pa komportableng manalangin, hindi ka nag-iisa. Mismong mga disipulo ni Hesus ay nangailangan din magpaturo sa Kanya kung papaano manalangin. Tingnan natin sa Mateo 6 kung papaano sila tinuruan ni Hesus nang magtanong sila sa Kanya kung paano manalangin.

*Basahin ang Mateo 6:5–8*

1. Ano ang hindi dapat gawin sa panalangin? Ano ang dapat na saloobin natin tungkol sa Diyos kung lalapit tayo sa Kanya sa panalangin? Bakit?

*Basahin ang Mateo 6:9–10*

2. Sino ang pangunahing pinagtuunan ng pansin ng Panginoon sa unang bahagi ng kanyang panalangin? Ayon dito papaano tayo dapat nakikipag-ugnayan sa Diyos sa ating panalangin?

*Basahin ang Mateo 6:11–13*

3. Anu-ano ang mga bagay na mapapansin sa sa ikalawang bahagi ng panalangin na itinuro ni Hesus? Ano ang matututunan natin dito kung paano makikipag-usap sa Diyos sa panalangin?

*Basahin ang Mateo 6:14*

4. Sa iyong palagay bakit isinama ni Hesus ang talatang 14 sa kanyang pagtuturo kung paano manalangin? Kung may nagawa kang kasalanan at ang iyong puso ay hindi ayos o tama sa harapan ng Diyos, ano ang dapat mong gawin? Bakit mahalaga ang kalagayan ng ating puso kapag tayo ay nananalangin?

---

## Mga Bahagi ng Panalangin ng Panginoong Hesus

Mula sa mga talatang ito, makikita natin na may limang aspeto ang ipinahihiwatig ng panalangin:

1. **Papuri at pagsamba** (*praise and worship*): pagkilala sa Diyos bilang Panginoon at ating Ama (talata 9)
2. **Pamamagitan para sa iba** (*intercession*): pananalangin para mangyari ang kalooban ng Diyos at maisakatuparan ang mga nais Niyang gawin hindi lamang sa ating buhay kundi gayon din sa buhay ng iba (talata 10)
3. **Paghiling** (*supplication*): pananalangin para sa ating mga pangsariling pangangailangan (talata 11)
4. **Kumpisal** (*confession*): pagkilala sa pangangailangan natin sa kapatawaran na mula sa Diyos at ang Kanyang grasya upang gawing malinis ang ating puso (talata 12)
5. **Paghingi ng gabay** (*seeking guidance*): paghiling sa Diyos na panatilihin Niya tayong sumusunod sa Kanyang kalooban at lumalagak sa Kanyang daan (talata 13)

Hindi lamang para sa paghingi ng mga bagay ang panalangin. Bagama't nalulugod ang Diyos na ibigay ang maraming bagay na ating hinihiling, ang pangunahing layunin Niya sa pagbibigay ng pribilehiyo ng panalangin ay ang mabuo ang ating relasyon sa Kanya bilang ating Ama at relasyon Niya sa atin bilang Kanyang mga anak. Higit pa sa pagbibigay at pagtanggap, ito ay ang pagbubuo ng ating malalim na relasyon sa Kanya.

5. Marami tayong makikitang kahanga-hangang pangako ng Diyos mula sa Biblia tungkol sa kung ano ang kayang gawin ng Diyos kapag tayo ay lumalapit sa kanya sa panalangin. Basahin ang sumusunod na mga talata at punan ang *chart* para makita natin kung paano tumutugon ang Diyos sa ating panalangin at kapag naaayon din tayo sa mga kondisyon na Kanyang ibinibigay:

TALATA	KONDISYON	PANGAKO
Juan 14:13		
1 Juan 5:14–15		
Filipos 4:6–7		
Juan 15:7		
Lucas 11:5–10		
Santiago 5:16		

- Ayon sa 1 Timoteo 2:5, ilang tagapamagitan mayroon sa pagitan ng tao at Diyos?
- Ayon sa mga itinuturo ng Biblia, sino lang ang maaaring mamagitan para sa atin at sa Diyos?

---

8. Sa iyong karanasan, nanalangin ka ba noon sa ibang mga tagapamagitan?

9. Ngayong alam mo na ang sinasabi ng Biblia kung sino ang tanging tagapamagitan, paano mo ito isasabuhay sa iyong buhay panalangin?

# EXPERIENCE

(PAGSASABUHAY)

1. Anu-anong bagay ang madalas mong pinagtutuunan ng pansin sa iyong panalangin? Paano mo ihahambing o ikukumpara ang ito sa panalangin itinuro ni Hesus?
2. Maglaan ng ilang panahon para iplano ang susunod na oras ng iyong panalangin. Subukang gayahin ang halimbawa o paraan ng panalangin na itinuro ni Hesus.
3. Simulang bumuo ng “Prayer Notebook”. Isulat o i-record ang iyong mga kahilingan sa isang notebook at ilagay kung paano at kailan sinagot ng Diyos ang panalangin na iyon. Maaaring gayahin ang chart na ito para sa iyong “Prayer Notebook”:

PETSA	MGA IPINAPANALANGIN	PETSA KAILAN SINAGOT	PAANO SINAGOT



**On-the-Job Training** (30 minuto)

Tatalakayin sa iyo ng iyong discipler ang mga prinsipyo kung paano mag-*facilitate* ng *small group*. (Tingnan ang Appendix A.)

Tignan ang Appendix C at D, basahin ang iba pang halimbawang makakatulong sa iyo kung paano magsimula ng isang *small group*.

Patuloy na gawin ang “Pray-Care-Share” sa mga tao na nasa paligid mo. Maaaring simulan sa mga taong ipinapanalangin mo na noong mga nakakaraang linggo.



IKALAWANG SESYON

# NAG-IISANG BATAYAN

## *Ang Biblia*

Nung tinanggap natin si Kristo sa ating buhay, tayo ay pumasok sa isang personal na relasyon sa Kanya. Sa kahint anong relasyon, kinakailangan ang maayos na komunikasyon sa magkabilang panig. Sa unang sesyon natutunan natin ang tungkol sa panalangin – kung paano natin mas napapalalim ang ating relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Sa sesyon namang ito, matututunan natin kung paano nakikipag-usap ang Diyos sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang Biblia.

Sabi sa Mark 7:7-8, 13, “Walang kabuluhan ang kanilang pagsamba, sapagkat itinuturo nilang galing sa Diyos ang kanilang mga utos’Binabaliwala ninyo ang utos ng Diyos, at ang sinusunod ninyo’y mga tradisyon ng tao. Sa gayong paraan, pinapawalang-bisa ninyo ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng mga itinuturo ninyo. At marami pa kayong ginagawang katulad nito.”

Ipinapakita sa atin ng talatang ito mula sa Biblia na ang Salita ng Diyos ang dapat maging pinakamataas at tanging awtoridad sa lahat ng bagay at hindi ang mga tradisyon ng relihiyon o ang tao.

Bilang mga tagasunod ni Kristo, kailangan nating sundin kung ano ang itinuturo ng Biblia, kung hindi, ituturing ng Diyos na walang kabuluhan ang ating pagsamba.

# EXPLORE

(PAGSASALIKSIK)

Gawin na mag-isa ang pagsasanay na ito. Kumpletuhin ang bahaging ito ng EXPLORE sa loob lamang ng 5-minuto.

Pakibasa muna ang lahat ng mga nakasulat na utos sa ibaba bago mo ito gawin:

1. Kumuha ng panulat at papel.
2. Isulat ang iyong pangalan sa itaas ng papel.
3. Isulat ang mga numerong 1 hanggang 5, isang numero bawat linya.
4. Magdrowing ng limang maliliit na bilog sa tabi ng #1.
5. Lagyan ng “X” ang ikalawa at ika-apat na mga bilog na nasa tabi ng #1.
6. Isulat ang salitang ‘encyclopedia’ sa tabi ng #3.
7. I-multiply ang  $7 \times 9$  sa likod ng papel.
8. Lagyan ng “X” ang ibabang-kanang kanto ng papel.
9. Bilugan ang X na katatapos mo pa lamang gawin.
10. Salungguhitan ang iyong pangalan.
11. Sabihin ng malakas ang iyong pangalan.
12. Bilugan ang #4.
13. Bilangin kung ilan ang mga salita sa pangungusap na ito at isulat ang sagot sa tabi ng #2 ng iyong papel.
14. Lagyan ng parisukat (square) ang #1 at #5.
15. Magbutas ng maliit saan mang bahagi ng papel.
16. Isulat ang iyong pangalan sa tabi ng #4.
17. Isulat ang petsa ngayon sa tabi ng #5 sa iyong papel.
18. Bilugan ang bawat titik “E” na isinulat mo.
19. Tumayo at sabihin ng malakas ‘AKO ANG UNANG NATAPOS’ kung ikaw ang nauna, kung hindi naman sabihin ‘TAPOS NA AKO,’ umupo pagkatapos.
20. Ngayong tapos mo nang basahin ang bawat utos na nakasulat, gawin mo lang ang unang dalawang utos at laktawan na ang natitira.

Kung sinunod mo ng tama ang bawat nakasulat na utos, pangalan mo lang dapat ang makikitang nakasulat sa papel!

## MUNTING KAALAMAN

---

Para matapat na masunod ang mga ipinag-utos, dapat mayroon tayong pusong nagtitiwala. Kailangang magtiwala tayo na kahit sinuman ang nagbigay ng utos, ay mapagkakatiwalaan at alam niya kung ano ang kanyang nais na matapos natin sa huli. Kung hindi tayo nagtitiwala sa nagtuturo, marahil hindi rin tayo susunod ng matapat sa mga tagubilin sa atin. Nagbigay ang Diyos ng mga tagubilin. Kung talagang nagtitiwala tayo sa Diyos, buong puso rin nating susundin ang Kanyang kalooban sa ating mga buhay para sa paraan kung paano tayo mamumuhay ayon sa Kanyang hangarin at plano.

## Tunay Nga Bang Salita ng Diyos ang Biblia?

Para sa mga Kristiyano, ang Biblia ang pangunahing batayan o sandigan ng pagkakakilanlan sa Diyos at ng Kanyang kalooban. Ang Biblia ay buhay na Salita ng Diyos at sa pamamagitan nito tayo ay kinakausap ng Diyos upang tayo ay maturuan, mabigyang sigla, at magabay sa ating buhay.

Ngunit nakatitiyak ba talaga tayo na Salita ito ng Diyos? Mapagkakatiwalaan nga ba ito? Tignan natin ang mga sumusunod na katotohanan tungkol sa Biblia.

Ang Biblia ay sadyang natatangi sa mga literatura. Ito ay isinulat ng mahigit na 40 manunulat, sa tatlong magkakaibang wika, sa tatlong kontinente, at sa loob ng 1,500 taon. Subalit, sa kabila ng lahat ng mga bagay na ito, ang Biblia ay walang pagkakasalungatan o kamalian. Samantala, kung gagawin mong magbasa ng tatlong magkakaibang pahayagan na may iniuulat tungkol sa iisang pangyayari, maaring may mapansin kang hindi pagkakatugma sa pagsusulat ng bawat pahayagan. Minsan maaari din na hindi pa magkatugma ang kanila pag-uulat kahit sa mga importanteng detalye. Kaya't sadyang kamangha-mangha ang pagkakaisa ng Biblia!

Ang Biblia ay naglalaman ng daan-daang propesiya, at madami dito ay naganap na. Madalas din na ang mga propesiyang ito ay natupad sa mga paraang hindi kayang pigilin ng lakas at karunungan ng tao. Halimbawa, sa Awit 22 na isinulat ni haring David, isinasasaad ang paraan kung paano mamamatay si Hesu Kristo sa krus. Ito ay sinulat ni David ilang daang taon bago pa naimbento ng mga Romano ang kahalulang pagpako sa krus bilang parusa sa may mga mabigat na pagkakasala! Ang ganitong prediksiyon ay hindi matutupad kung hindi nanggaling sa karunungan ng Diyos mismo.

Maaari ring gamiting ang mga kopya ng orihinal na kasulatan (*manuscript*) upang magpatunay ang ganap na kawastuhan ng Biblia. Mas makakatiyak tayo sa kawastuhan ng isang kasulatan, base sa dami ng kopya at kalapitan ng pagkakasulat ng mga kopya sa panahaong naisulat ang orihinal na kasulatan. Kapag mas madaming kopya at mas magkalapit ang panahon ng orihinal na kasulatan sa mga kopya, mas makakatiyak tayo sa kawastuhan nito. Ang Biblia ay may libo-libong kopya at mga bahagi ng iba't ibang sipi

---

ng orihinal na kasulatan, madami dito ay kinopya sa loob lamang ng isang daang taon mula ng maisulat ang orihinal. Sa kabilang banda naman, ang mga kopya ng mga sinaunang kasulatan na nagmula kina Aristotle o Ceasar ay naitalang naisulat sa loob ng ilang libong taon mula sa panahon ng unang pagkakasulat nito, at may kakaunting kopya lamang ng mga manuscript na ito na maaaring magpatotoo sa kawastuhan ng mga kasulatang ito. Ang Biblia lamang ang sinaunang kasulatan na may pinakamaraming patunay o ebidensya.

Nakaligtas din ang Biblia sa paulit-ulit na pagtatangkang burahin ito sa sirkulasyon sa mundo. Noong AD 303, ipinag-utos ng emperador ng Roma na si Diocletian na sunugin ang lahat ng Biblia. Subalit, halos makalipas lang ang isang henerasyon, ang Kristiyanismo ay tinanggap bilang tunay na relihiyon ng Roma! Si Voltaire, isang mananalaysay, pilosopo, at manunulat mula sa Pransiya, ay nakilala sa kanyang pagbatikos sa simbahan at naitalang nagsabi na sa tinging niya ang Biblia ay tuluyan ng mabubura at mawawala sa kasaysayan, sa loob lamang ng 100 taon pagkalipas ng kanyang kamatayan. Subalit taliwas sa kanyang pahayag, matapos lamang ang 50 taon mula sa kanyang pagkamatay ay inilimbag ang Biblia sa pamamagitan ng imprenta (printing press) na mismong nasa kanyang sariling tahanan. At makalipas ng 200 taon matapos ang kanyang kamatayan, ay higit pang dumarami ang paglaganap ng Biblia.

Lahat ng mga bagay at pangyayaring ito ay nagpapatotoo na ang Biblia ay ang Salita ng Diyos. Ito ay tunay, maasahan, at walang kamalian.

---

## **Bakit Kailangang Sundin ang Salita ng Diyos?**

*Basahin ang Awit 119:105*

1. Paano makatutulong ang Salita ng Diyos sa atin?

*Basahin ang II Timoteo 3:16–17*

2. Paano isinalarawan ni Pablo ang mga kapakinabangan ng Biblia? Sa paanong paraan ito naiuugnay sa ating mga buhay?

---

## Paano Ko Matututunan ang Salita ng Diyos?

### I. Sa Pagbabasa ng Biblia

*Basahin ang Deuteronomio 17:18, 19*

3. Ano ang kautusang ibinigay sa mga hari na dapat nilang sundin kapag sila ay magsisimula sa kanilang panunungkulan?

### II. Sa Personal na Pag-aaral ng Biblia

*Basahin ang Ezra 7:9-10*

4. Bakit tinulungan ng Diyos si Ezra? Ano ang ginawa ni Ezra? Magbigay ng tatlong bagay kanyang ipnangakong gagawin?



## Ang Obedience-Based Bible Study (OBBS)

Ang *Obedience-Based Bible Study* ay isang simple at madaling paraan na maari nating gamitin sa pag-aaral ng Biblia, maari rin itong gamitin upang malaman kung paano natin ito maisasabuhay. Narito ang paraan kung paano mo ito gagawin:

Kumuha ng isang malinis na papel at tiklupin ito sa tatlong bahagi (katulad ng brochure na may tatlong bahagi). Sa itaas ng bawat bahagi ay ilagay ang mga salita tulad ng halimbawa sa ibaba.

SALITA NG DIYOS	AKING SALITA	AKING GAGAWIN

1. Magsimula sa pamamagitan ng pagsusulat ng buong mga talata na iyong pag-aaralan sa bahaging may nakasulat na “Salita ng Diyos” (pinaka-kaliwang bahagi ng papel). Maaaring mangailangan ng mas mahabang panahon itong bahaging ito, depende sa haba ng talatang pag-aaralan, ngunit tiyak na makakatulong ito upang masalisik mong mabuti ang talata.
2. Sa bahaging may nakasulat na “Aking Salita” (gitnang bahagi ng papel), isulat ang talata gamit ang sariling salita base sa iyong pagkakaintindi. Makakatulong na isiping kunwari ay ikinukwento mo ang talata sa iyong kaibigan. Siguraduhing maisulat ng kumpleto ang buong talata gamit ang iyong sariling salita. Makatutulong ito upang tiyak na maintindihan mo kung ano ang kahulugan ng talata.

- 
3. Sa bahagi ng “Aking Gagawin” (kanang bahagi ng papel), isulat kung papaano mo isasabuhay ang iyong natutunan sa talatang iyong pinag-aaralan. Ito ay ang pinakamahalagang bahagi ng OBBS! Isulat ang iyong gagawin sa ganitong paraan, “Ako ay nangangakong gagawin ang \_\_\_\_\_.” Sa ganitong paraan, ito ang magiging kasunduan mo at ng Diyos na iyong susundin ang iyong natutunan. Ipanalangin mo na bigyan ka ng Panginoon ng kakayahan at kalakasan, sa tulong ng Banal na Espiritu, na matupad mo ang iyong mga ipinangako sa Diyos.

### **Paano Gagamitin ang OBBS sa Iyong Dgroup (Small Group)?**

Sa inyong Dgroup o D12 (small group), sundin lang ang paraan ng OBBS na binangit sa taas. Matapos gawin ng bawat miyembro ang bahaging “Aking Salita”, bigyan ng pagkakataon ang ilang miyembro na ibahagi ang kanilang bersyon ng talata sa buong grupo.

Matapos makapagbahagi ang ilang miyembro ng grupo, maaaring ninyong ipagpatuloy ang pag-aaral ng talata. Hikayatin ang mga miyembro na magtanong at makibahagi upang mas matuklasan at maintindihan ang nilalaman ng talata. Mas mabuti kung lahat ng miyembro ay makikisali sa usapan at huwag hayaang magmula sa isang tao o iilang miyembro lamang ang mga sagot.

Narito ang ilang mga tanong na maaari mong gamitin upang hikayatin ang pakikipag-ugnayan ng bawat isa tungkol sa talata:

- ✓ *Mayroon bang bahagi sa talata na nakatawag ng iyong pansin?*
- ✓ *Ano ang nagustuhan mo sa talatang ito?*
- ✓ *Mayroon bang bumabagabag sa iyo mula sa talata? Bakit?*
- ✓ *Ano sa palagay mo ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa Diyos?*
- ✓ *Ano sa palagay mo ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa tao?*
- ✓ *Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa pamumuhay na kalugud-lugod sa Diyos?*

Bago matapos ang inyong usapan, kailangan na ibahagi ng bawat miyembro ng iyong grupo kung ano ang kaniyang isinulat sa bahaging “Aking Gagawin”.

Makakatulong upang magkaroon ng pananagutan ang bawat isa (accountability) at matulungan upang maisabuhay ang mga pangakong isinulat nila. Makakatulong na gabay sa pagsulat ng inyong mga pangakong gagawin ang “SMART Goals Principles”. Paalalahanan din ang bawat miyembro na ang mga bagay na ibabahagi ng bawa’t isa ay hindi dapat sabihin sa ibang tao ng walang pahintulot.

### SMART Goals Principles

- S** *imple* (simple o madali)
- M** *asurable* (masusukat)
- A** *ppropriate* (angkop para sa iyong sitwasyon)
- R** *ealistic* (makatotohanan)
- T** *ime-bound* (may nakatakdang panahon kung kailan sisimulan at tatapusin)

Examples:

COMMON STATEMENT	SMART GOAL
Mas magiging mapagmahal ako sa aking asawa at sasabihin sa kanya na mahal ko siya.	Ibibili ko ng mga rosas ang aking asawa ngayong linggong ito.
Pipigilin ko ang pagiging mainitin ang ulo ko.	Magbibilang muna ako hanggang sampu bago, at hindi agad-agad magsasalita kung sakaling mayroong sasakyan na biglang gumitgit sa akin sa trapik sa EDSA ngayong linggong ito.
Hindi na ako dapat makitsismis.	Kapag tumawag sa akin si Bing ngayong gabi para ikuwento sa akin ang matinding ginawa ng kanyang kapatid sa kanya, dahan-dahan kong babaguhin at ililihis ang usapan sa ibang bagay.

Sa huli, ang bawat miyembro ng grupo ay dapat pagpasyahan kung kanino nila ito nais ibahagi. Ang pagbabahagi sa ibang tao ang pinakamabisang paraan upang maisapuso ang pinag-aralan. Kapag ginawa mo ito, mahuhubog na rin ang iyong ugali sa pagtulong sa iba na makilala at sumunod din kay Hesus.

## EXPERIENCE (PAGSASABUHAY)

1. Gamit ang OBBS pag-aralan ang Mateo 7:24-29. Ano ang ipinapakita ng talata tungkol sa kahalagahan ng pagsunod?
2. Basahin ang 2 Timoteo 3:16–17. Ayon sa talatang ito, ilang bahagi ng Biblia ang kinasihan (inspired) ng Diyos? Papaano tayo dapat tumugon sa mga kautusang nasusulat sa Biblia?
3. Pagsikapang matapos basahin ang buong Biblia sa loob ng 12 buwan. Maaaring tingnan ang mga Bible reading plans sa **[www.biblegateway.com/reading-plans/](http://www.biblegateway.com/reading-plans/)** o di kaya’y gumawa ng personal na plano upang basahin ang Biblia.

## EQUIP (PAGSASANAY)

### **On-the-Job Training** (30 minuto)

Gamit ang **Book 1: One by One (session 1)**, ipapakita sa iyo ng iyong discipul kung paano mag-faciliate ng talakayan sa isang small group.

Magpatuloy sa pagpapraktis ng **“Pray-Care-Share”** sa mga taong nasa paligid mo, magsimula sa mga tao na ipinapanalangin mo sa mga nakakaraang linggo.

Subukang turuan ang bagong mananampalataya na iyong kilala gamit ang **Book 1: One by One**. Kung maaari, makipagkita agad sa kanila sa loob ng 48 oras (dalawang araw) matapos ang kanilang desisyon na tanggapin si Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas.

IKATLONG SESYON

# IISANG PAMILYA

## *Ang Iglesya*

Maraming taong kinagisnan ang regular na pagsisimba. Ikaw man ay lumaki sa isang relihiyosong pamilya, o may kakaunti lamang na karanasan sa pagsisimba, siguradong mayroon kang ideya kung ano ang ano karaniwang ginagawa sa loob ng simbahan o “Iglesya”. Madalas na ang kaalaman o pagkakaintindi natin ano ang iglesya ay nahubog batay sa ating mga karanasan o sa pagpapalaki sa atin ng ating mga magulang.

Ngunit ang iglesya, ayon sa pagkakalarawan sa Biblia, ay higit pa sa ating karaniwang kinagisnan. Tignan kung paano isinalarawan ang iglesya sa Biblia at paano tayo dapat makipag-ugnayan sa iglesya bilang mga mananampalataya ni Hesu-Kristo?

## EXPLORE (PAGSASALIKSIK)

Ang aktibidad na ito ay dapat gawin ng magkapares. Magtalaga ng isang magiging “timer” at ang isa naman ang gagawa ng mga pagsasanay na nakasulat sa ibaba. Ang “timer” ang magsisilbing taga-lista kung gaano kabilis matatapos ng kanyang kapares ang pagsasanay.

### Part 1:

Ilagay ang isang kamay sa likuran. Gamit ang kabilang kamay, isa-isahing buklatin ang bawat pahina ng workbook na ito mula sa unang pahina hanggang sa pinakahuling pahina. Ililista ng “timer” ang oras kung gaano kabilis matatapos ng kanyang kapares ang pagsasanay na ito.

### Part 2:

Ulitin ang pagsasanay gamit naman ang parehong kamay. Muling ililista ng “timer” kung gaano kabilis natapos ang aktibidad.

### Part 3:

Pagkumpirahin ang oras ng dalawang aktibidad. Gaano kalaki ang diperensiya sa oras noong ginawa ito ng unang beses (iisang kamay lang) sa pangalawang beses (gamit ang dalawang kamay)? Malamang na mas mabilis ang oras sa pangalawang beses kaysa sa una.

## MULTING KAALAMAN

---

Sa Biblia, tinatawag na Katawan ni Kristo ang Iglesya, at katulad ng katawan ng tao, ito rin ay naglalaman ng maraming bahagi na may kanya-kanyang gawain. Kagaya ng halimbawang ginawa natin sa EXPLORE, mas nagiging mabilis ang ating pagkilos kapag ang mga bahagi ng ating katawan ay nagkakatulungan sa pagganap ng isang gawain.

## Ang Unang Iglesya

*Basahin ang Gawa 2:40–47*

1. Anu-ano ang apat na elemento na naglalarawan kung paano namuhay ang Iglesya sa panahon ng Bagong Tipan? Magbigay ng halimbawang nagpapatunay na ang Diyos ay kumikilos sa kanilang kalagitnaan?

### **Ang Kahulugan ng Iglesya ayon sa Biblia:**

Pagtitipon ng mga tunay na mananampalataya ni Kristo, HINDI isang gusali.

Hindi ba't kapana-panabik na maging kabahagi ng isang samahang masigasig at masigla kagaya ng iglesyang inilalarawan sa talatang ito? Marahil malaki ang pagkakaiba ng paglalarawan sa iglesya sa Biblia sa iyong kinagisnan, subalit kailangan nating maintindihan na ito talaga ang layunin ng Diyos para sa Iglesya! Kaya't patuloy nating saliksikin ang nilalaman ng Biblia upang tunay maunawaan kung ano ang kahulugan ng iglesya.

## Si Pablo at ang Mga Iglesya Mula sa Bagong Tipan

*Basahin ang Gawa 14:21–23*

2. Ano ang ginawa ni Pablo sa kanyang paglalakbay upang magsimula ng mga iglesya? Sino-sino ang mga iniwan ni Pablo upang pangunahan ang mga iglesya?

---

*Basahin ang Gawa 14:26–27*

3. Ano sa tingin mo ang kahulugan ng “tinipon nila ang iglesya?” Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa iglesya?

*Basahin ang Gawa 20:20*

4. Saan tinipon at tinuruan ni Pablo ang mga bagong mananampalataya? Sa iyong palagay, bakit naging mas mabisa ang paraang ito ng pagtuturo (pagtitipon sa bahay-bahay) para kay Pablo?

### **Ang Dgroups at ang Sinaunang Iglesya**

Bagama't hindi ginamit ang salitang “Dgroup” o “Discipleship Group” sa Biblia, kapareho rin ng gawain mga unang mananampalataya sa pagsisimula at pagpapalaganap ang iglesya noon ang mga ginagawa natin sa ating mga grupo ngayon. Sa “small group” tayo rin ay nagkakaroon ng pagsasama-sama (fellowship), pagtuturo ng salita ng Diyos (teaching), pagpupuri at pagsamba (worship) at pagbabahagi ng Mabuting Balita ni Kristo (evangelism). Ang lahat ng ito ay mahalagang bahagi ng iglesya. Gayunman, ang “Dgroup” o “small group” ay isang mas maliit na samahan na kung saan may bukas na komunikasyon, pagmamalasakit at pananagutan (accountability) ang bawat isa. Ito ang sentro o pinaka-importanteng bahagi ng sinaunang iglesya na inilarawan ng Biblia. At dapat din na maging sentro ng ating pagsasamahan bilang iglesya sa panahon natin ngayon.



---

## Pagtuturo ni Pablo Tungkol sa Iglesya

### I. Ang Iglesya bilang “Isang Katawan”

*Basahin ang 1 Corinto 12:12–16*

5. Paano nakatutulong ang ideya ng isang katawan upang mas maintindihan natin kung paano kumikilos ang iglesya?

*Basahin ang Efeso 1:22–23*

6. Paano inilarawan ang iglesya. Ano sa iyong palagay ang ibig ipahiwatig ng talaga na si Kristo ang “ulo” at tayo ay ang “katawan”?

### II. Iba’t Ibang Bahagi, Iba’t ibang Kaloob

*Basahin ang Efeso 4:11–13*

7. Sa talatang 11, ano ang sinasabing ibinigay ng Diyos sa iglesya? Bakit ibinigay ng Diyos ang mga kaloob na ito sa mga pinununo ng iglesya? Sino ang dapat na gumaganap ng gawain sa ministeryo?

### III. Ang Lider ng Iglesya

*Basahin ang Titus 1:5–9*

8. Ayon sa mga talatang 6-8, anu-ano ang mga katangiang karapat-dapat para sa mga itatalagang pinuno?

---

## Ang Iglesya ay...

- ✓ Ang Iglesya ay Katawan ni Kristo
- ✓ Si Hesus ang Ulo ng Katawan
- ✓ Lahat tayo ay nakikibahagi sa Katawan ni Kristo
- ✓ Bawat isa sa atin ay may mga mahahalagang tungkulin na dapat gampanan sa Katawan
- ✓ Kinakailangan natin ng mga mamumuno sa atin upang turuan at gabayan tayo sa mga tungkuling dapat nating gampanan
- ✓ Ang mga pinuno sa iglesya ay ang mga Nakatatanda (*elders*), mga Diakono (*deacons*), at mga Tagapangalaga (*overseers*)
- ✓ Ang mga nakatatandang miyembro ng iglesya (*elders*) ay pinipili batay sa tagal ng panahon at lalim ng kanilang pananampalataya sa Panginoon; at sa pagkakaroon nila ng matuwid na pamumuhay.
- ✓ Ang tamang doktrina ay napakahalaga sa buhay ng Iglesya

---

## Ang Iglesya sa Bagong Tipan

Ating natutunan ayon sa paglalarawan ng Biblia na ang Iglesya ay hindi lamang isang gusali o lugar. Ito ay isang samahan o komunidad ng mga taong may relasyon kay Hesu-Kristo. Dito tayo mas natututo tungkol sa kalooban ng Diyos sa pamamagitan pag-aaral ng Biblia kasama ng mga taong mas malalim na sa paglakad kasama si Kristo na nakakasama natin sa Iglesya. Dito rin tayo nabibigyan ng pagkakataong makilala at makasama ang ibang mga kapatid natin kay Kristo kung saan tayo ay nakakatanggap at nakapagbibigay ng pag-ibig at tulong sa isa't isa. Sa iglesya rin natin mararanasan ang kasiglahan ng sama-samang pagsamba sa Diyos. Tandaan na ang bawat isa sa atin ay may mahahalagang tungkuling dapat gampanan upang ang Iglesya ay mapanatiling malakas at lumalago. Ikaw ay bahagi ng katawan ni Kristo at dapat mo itong bigyan ng mataas na pagpapahalaga sa iyong buhay.

9. Sa paanong paraan nagkakaiba o nagkakatulad ang iyong pagkakaintindi tungkol sa sa iglesya sa itinuturo ng Biblia bago simulan ang pag-aaral na ito?
  
  
  
  
  
  
  
  
  
  
10. Paano mo uunahin ang iglesya ngayong linggong ito?

# EXPERIENCE

(PAGSASABUHAY)

1. Ikaw ba ay kabilang sa isang iglesya? Kung hindi pa, nais mo ba na ipanalangin at isaalang-alang ang pagiging bahagi ng isang iglesya at ng isang Dgroup? Ano sa palagay mo ang kabutihang maidudulot nito sa iyo?
  
2. Kung ikaw naman ay bahagi na ng isang iglesya o “small group”, subukang mag-isip ng isang sitwasyon kung saan ikaw ay nakaranas ng tulong mula sa Iglesya na panahon ng iyong pangangailangan. Paano ito nakatulong sa iyong pamumuhay bilang mananampalataya ni Kristo?
  
3. Napag-aralan natin na ang Iglesya ay ang katawan ni Kristo. Sa iyong palagay, anong bahagi ka ng katawang ito? Ano ang maaari mong maitulong sa katawan ni Kristo?

**On-the-Job Training** (30 minuto)

Pag-aaralan ng iyong discipler ang antas ng iyong kahandaan sa pag-facilitate ng Book 1: One on One sa “small group discussion”. Gamitin ang “evaluation criteria” na makikita Appendix B.

Patuloy na gawin ang “Pray-Care-Share” sa ibang tao na nasa paligid mo. Turuan ang mga bagong mananampalataya ng mga aralin sa Book 1: One by One. Kung maaari, tagpuin sila sa loob ng 48 oras (2 araw) matapos nilang tanggapin si Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas.



IKAAPAT NA SESYON

# ISANG HAKBANG

## *Bautismo*

Maraming mga pagbabago ang nangyayari sa ating buhay simula nang makilala natin si Hesus at tanggapin Siya bilang Panginoon at Tagapagligtas. Karamihan dito ay nangyari sa ating kalooban – sa ating puso. Subalit ang Biblia ay may ipinakita sa ating isang hakbang na dapat nating sundin bilang mga tunay na tagasunod ni Hesus: ito ay ang pagpapa-bautismo sa tubig. Ang pagpapa-bautismo sa tubig ay isang panlabas na palatandaan ng pagbabagong nagaganap sa ating kalooban. Sa araling ito ay titignan natin kung ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa pagpapa-bautismo bilang pagsunod kay Hesus.

## EXPLORE (PAGSASALIKSIK)

### Throwback

Mag-isip ng halimbawa ng mga isang utos o pag-didisiplina ng iyong mga magulang na ikaw ay nahirapang sundin noong ikaw ay bata pa. Halimbawa: tapusin ang iyong pagkain, matulog sa tanghali, umuwi ng maaga. Sa iyong palagay, bakit ka nahirapan sundin ang mg utos na ito noon? Mayroon ka bang mga ginagawang “delaying tactics” o dahilan upang makaiwas sa mga ipinag-uutos ng iyong magulang?

### MUNTING KAALAMAN

---

Hindi perpekto ang ating mga magulang at iba pang mga nakatatanda. Subalit, kung titignan natin ang mga bagay na ipinagagawa nila sa atin noong tayo ay bata pa, madalas ito ay para sa ating ikabubuti. Ang Diyos ay ang ating perpektong Ama sa Langit, at makatitiyak tayo na kahit ano pang ipag-utos niya sa atin ay para sa ating ikakabuti. Kailangan din nating maunawaan na ang pagpapatumpik-tumpik at hindi kaagad na pagsunod sa Kanyang utos ay pagsuway.



## Pagsunod Kay Kristo

Una, kailangang nating Makita at maunawaan kung ano ba talaga ang kahulugan ng pagsunod kay Hesus. Paano ipinakita ang pagsunod sa Biblia? Ano ang ibig sabihin ng totoong pagsunod kay Kristo?

*Basahin ang Juan 14:15*

1. Ano ang malinaw na indikasyon ng tunay na pagmamahal ng isang tao kay Hesus?

*Basahin ang Lukas 14:26–28; 33*

2. Sa talatang 28, ano ang sinabi ni Hesus na kailangan nating gawin bago tayo magdesisyon na bumuo ng anumang bagay? Pagdating sa pagsunod kay Kristo, ano ang ibig sabihin ng “kuwentahin kung magkano ang magagastos?”
3. Sa mga talatang 26 at 33, anu-ano ang mga bagay na na sinasabing hindi kasing importante kumpara sa pagsunod kay Kristo?

Hindi ibig sabihin nito na kailangang literal na iwanan at ipamigay ng isang mananampalataya ni Hesus ang kayang pamilya at mga ari-arian. Ang puntong gustong ipaintindi ni Hesus sa atin ay, bilang isang mananampalataya, kailangan tayong maging handa na iwanan ang lahat para upang sundin si Hesus. Kailangang handa tayong sumunod sa lahat ng ipinag-uutos Niya sa atin.

---

## Ang Pagsunod ni Hesus

Bagama't si Hesus ay Anak ng Diyos, sumunod Siya kalooban ng Diyos Ama at nagpa-bautismo sa tubig kay Juan. Hindi Niya kinakailangang magpa-bautismo ngunit ginawa Niya ito bilang pagsunod sa kalooban ng Ama. At ipinahayag naman ng Ama ang Kanyang kasiyahan nang Kanyang ipinahayag na si Hesus ang Kanyang minamahal na Anak. Matapos magpabautismo ni Hesus at hayagang ipinakita sa lahat ng taong nakakita ang Kanyang pagsunod sa kalooban ng Diyos Ama, saka pa lamang Siya nagsimula ng Kanyang pagmiministeryo.

*Lukas 3:21-22*

## Ang Pagsunod Ng Mga Unang Mananampalataya

Ang mga sumusunod na talata ay nagpapakita kung paano tumugon ang mga sinaunang mananampalataya sa Mabuting Balita. Tignan ang bawat talata at isalarawan sa iyong sariling salita kung ano ang nangyari sa sinaunang Kristiyano kasunod ng kanilang pagsampalataya kay Hesus.


*Gawa 2:41*

*Gawa 8:12*

*Gawa 8:35-37*

Pansinin ang pagkakasunod-sunod na pangyayari sa mga talatang ito. Una nanampalataya sila, at pagkatapos nilang maniwala, sila ay nagpabautismo. Hindi pagpapa-bautismo ang paraan para maligtas. Ito ay isang pagpapahayag lamang ng kanilang pananampalataya kay Kristo.

Alalahanin ang pormula para sa kaligtasan na natutunan na natin:



## Bakit Kailangan Nating Magpabautismo?

### I. Dahil bahagi ito ng ating pagsunod kay Kristo bilang Kanyang mga alagad.

*Basahin ang Mateo 28:18-20*

4. Ano ang kailangang gawin ng mga alagad sa kanilang pagdidisipulo?

### II. Dahil ito ay naglalarawan kung ano ang nangyari sa atin nang maligtas tayo.

*Basahin ang Roma 6:3, 4*

5. Anong nangyari sa atin nang tayo ay mabautismuhan sa espiritu kay Kristo? Ano ang kahulugan ng pisikal na bautismo (paglubog sa tubig)?

---

## Ano ang Bautismo?

Ang bautismo na isinagawa ng mga unang alagad ni Kristo noon ay iba sa bautismong ginagawa sa mga sanggol sa kapanahunan natin ngayon. Sa Bagong Tipan, ang bautismo ay isinasagawa ng mga taong sumasampalataya kay Kristo at sumusunod sa Kaniya. Isa itong desisyon na ginawa mismo ng mga mananampalataya upang ipahayag nila sa lahat ng tao ang kanilang pagsunod kay Hesu-Kristo sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang halimbawang ipinakita – pagbabautismo sa tubig.

Ang salitang bautismo sa Biblia ay nagmula sa salitang Griyego na “*baptizo*.” Ayon sa Thayer Smith Greek Lexicon, ang ibig sabihin ng salitang ito ay: ilublob ng paulit-ulit, ibabad, ilubog, linisin sa pamamagitan ng paglublob or paglubog, o paghugas sasarili.

Isa sa pinakaunang naitalang paggamit ng salitang *baptizo* ay noong 200 BC, upang ilarawan ang proseso ng paggawa ng pickles. Una, ang pipino ay huhugasan (mula sa salitang Griyego na *bapto*), pagkatapos ay ilulubog ito sa suka (*baptizo*) hanggang masipsip na ng pipino ang asim ng suka at lasa ng iba pang sangkap. Dahil dito, tuluyan ng nagkakaroon na ng panibagong amoy at lasa ang pipino dahil sa pinagbabaran nito at naging isang *pickle*.

Ganito rin ang nangyayari sa atin kapag tayo ang nabautismuhan kay Kristo: tayo ay tunay na napapabilang sa Kanya. Nang sumampalataya tayo kay Kristo, tayo ay nabautismuhan sa Espiritu (nagkaroon ng pagkakaisa) sa Kanyang kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay. Sa pagsunod natin sa Kanya sa pamamagitan ng pisikal na pagpapa-bautismo, ipinahahayag natin sa lahat ng tao ang ating panananampalataya kay Kristo at pagtanggap sa Kanya bilang Tagapagligtas at ang pagbabagong nangyari sa ating kalooban dahil dito.

6. Bago magsimula sa pag-aaral na ito, paano nagkakatulad o nagkakaiba ang iyong ideya ng bautismo sa kung ano ang itinuturo ng Biblia tungkol dito?
7. Paano mo maisasagawa ang itinuturo ng Biblia tungkol sa bautismo?

## EXPERIENCE (PAGSASABUHAY)

1. Anu-anong bahagi ng iyong buhay ang kailangan mong “kuwentahin” sa iyong pagsunod kay Hesus?
2. Handa ka bang ipahayag ang iyong pananampalataya at magpabautismo? Kung gayon, paano at kailan mo ito gagawin? Ang GLC ay nag-oorganisa ng pagbabautismo sa tuwing matatapos ang isang cycle ng GLC Essentials sa CCF Center at sa mga CCF satellite. Maari kang makipag-ugnayan upang malaman kung paano ka makakasali dito.
3. Kanino mo maaaring maibahagi ang desisyon na ito, upang maintindihan nila ang iyong desisyong sumunod kay Hesus?

## EQUIP (PAGSASANAY)

### **On-the-Job Training** (30 minuto)

Patuloy na gawin ang “Pray-Care-Share” kasama ang ibang tao. Anyayahan na dumalo ng inyong *small group* ang mga tao na positibong tumugon sa pagbabahagi ng Magandang Balita ng kaligtasan. Patuloy kang tuturuan ng *discipler* mo sa pag-*facilitate* ng mga sesyon ng Book 1: One by One sa iyong *small group*.



IKALIMANG SESYON

# NAG-IISANG PATUTUON

*Pagsasamba*

Isa sa pinakamahalagang bahagi ng ating bagong buhay kay Kristo ay ang pagsamba. Ano ang pagsamba at paano ba natin dapat sambahin ang Panginoon?

# EXPLORE

(PAGSASALIKSIK)

Basahin ang mga pangalan ng Diyos na ating makikita sa Biblia. Pagtugmain ang mga pangalan sa kanilang mga kahulugan. Isulat ang titik ng tamang kahulugan sa patlang na nasa tabi ng pangalan.

Mga Pangalan ng Diyos	Kahulugan ng Mga Pangalan ng Diyos
_____ 1. El Shaddai	A. “Si Yahweh (ang Panginoon) ay Kapayapaan”
_____ 2. Adonai	B. “Si Yahweh (ang Panginoon) ay Kapayapaan”
_____ 3. Jehovah Nissi	C. “Ang Diyos na Walang Hanggan”
_____ 4. Jehovah-Raah	D. “Si Yahweh (ang Panginoon) ang Ating Katuwiran”
_____ 5. Jehovah Rapha	E. “Naroon si Yahweh (ang Panginoon)”
_____ 6. Jehovah Shammah	F. “Si Yahweh (ang Panginoon) ang Inyong Manggagamot”
_____ 7. Jehovah Tsidkenu	G. “Si Yahweh (ang Panginoon) ang Aking Pastol”
_____ 8. El Olam	H. “Si Yahweh ang Aking Watawat”
_____ 9. Jehovah Jireh	I. Panginoon
_____ 10. Jehovah Shalom	J. “Makapangyarihang Diyos”

*Pinagmulan: [www.blueletterbible.org](http://www.blueletterbible.org)*

Tingnan ang Appendix E para makita ang sagot.

## MUNTING KAALAMAN

Tunay na kumakatawan sa karakter at katangian ng Diyos ang Kanyang mga pangalan.



## Ano ang Pagsamba ayon sa Biblia?

Ang pagsamba ang ating angkop na pagtugon sa Diyos, ayon sa kung sino Siya sa ating buhay, sa Kanyang ginawa at patuloy pang gagawin para sa atin.

Sa Juan 4:20-24 (MBB), tinanong ng Samaritana si Hesus tungkol sa pagsamba. Ito ang kanilang naging pag-uusap:

*“Dito sa bundok na ito sumamba sa Diyos ang aming mga magulang, ngunit sinasabi ninyong mga Judio, na sa Jerusalem lamang dapat sambahin ang Diyos.” Tinugon siya ni Hesus, “Maniwala ka sa akin, Ginang, dumarating na ang panahon na sasambahin ninyo ang Ama, hindi lamang sa bundok na ito o sa Jerusalem. Hindi ninyo nakikilala ang inyong sinasamba, ngunit nakikilala naming ang aming sinasamba, sapagkat ang kaligtasan ay galing sa mga Judio. Ngunit dumarating na ang panahon – ngayon na nga – na ang mga tunay na sumasamba sa Ama ay sasamba sa kanya sa espiritu at sa katotohanan. Sapagkat ito ang hinahanap ng Ama sa mga sumasamba sa kanya. Ang Diyos ay Espiritu kaya dapat siyang sambahin sa espiritu at katotohanan.”*

Sinabi ni Hesus na ang maraming mahahalagang bagay tungkol sa pagsamba:

- a. Nagkasundo silang dalawa na ang Diyos lamang ang karapat-dapat sambahin. Ang punto ng kanilang talakayan ay kung ano ang karapat-dapat na paraan nga pagsamba sa Diyos.
- b. Noong unang panahon, sa templo sa Jerusalem lamang maaaring maghain ng handog para sa kasalanan. Subalit nang mamatay si Hesus sa krus ng Kalbaryo, nawala na ang mga pangangailangan sa palatuntuning ito. Ngayon, hindi na natin kailangan pumunta pa sa isang gusali para magsamba sa Panginoon. Sa pamamagitan ng dugo ni Kristo, tayo ay maaari nang makipag-ugnayan ng direkta sa Diyos kahit saan!

---

c. Ang mga tunay na sumasamba sa Diyos ay may dalawang katangian. Sinasamba nila ang Diyos sa...

- ✓ Sa espiritu at
- ✓ Sa katotohanan

Sa mga sumusunod na bahagi ng araling ito, matutuklasan natin kung ano ang ibig sabihin ng pagsamba sa espiritu at katotohanan; at kung paano ito maisasagawa sa ating pagsamba ngayon.

### I. Pagsamba sa Espiritu

Sa Biblia, madalas nangangahulugan ang “espiritu” sa kaloob-loobang bahagi ng ating pagkatao o ang kaibuturan ng ating puso. May kaugnayan ang pagsamba sa espiritu sa paraan kung paano natin pinahahalagahan ang Panginoon sa kaibuturan ng ating kalooban.

*Basahin ang Mateo 22:36–37*

1. Ayon kay Hesus, ano ang pinakadakila sa lahat ng mga utos? Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa pagsamba sa Diyos?

*Basahin ang Hebreo 10:19–22*

2. Ano dapat na maging kalagayan ng ating mga puso sa paglapit natin sa Diyos?

Sa Lumang Tipan ipinaghambing ang dalawang hari ng Israel na sina David at Saul. Kapwa sila sumamba sa Panginoon, subalit magkaiba ang naging bunga ng kanilang pagsamba.

	<b>DAVID: BUONG PUSO</b> II Samuel 6:5,12–15	<b>SAUL: HINDI BUONG PUSO</b> I Samuel 13:8-14
Aksyon	Nag-alay ng mga sinunog na handog, pagsasayaw, at pag-awit	Nag-alay ng mga sinunog na handog
Saloobin / Pag-uugali	Sumamba bilang pasasalamat — gusto niyang bigyan ng kaluguran ang Diyos	Sumamba bilang tungkulin — gusto ng pagpapala at tagumpay
Pokus	Diyos	Mga kalaban
Paraan	Sa pamamagitan ng kanyang buong lakas sa harapan ng Panginoon	Sa kanyang sariling pamamaraan
Ang Tugon ng Diyos	Pinatatag ang kanyang kaharian	Tinanggal ang kanyang kaharian

Ano kayang mayroon sa pagsamba ni haring David na wala kay haring Saul na nakapagbigay kaluguran sa Diyos? Sa iyong palagay, bakit ganoon ang pagsamba ni Saul?

Posible ba na tayo ay may ginagawang seremonyang pang-relihiyon pero ang puso natin ay malayo sa Panginoon? Paano natin maiiwasan ito?

---

## Ano naman ang masasabi natin tungkol sa mga imahe at diyos-diyosan?

---

Sa pagsamba sa Diyos sa espiritu ay nangangahulugang kinikilala natin na ang Diyos ay espiritu. Ibig sabihin nito ay hindi natin Siya nakikita. Hindi natin maaaring bigyang ng anyo ang espiritu. Madalas ay natutukso tayong magkaroon ng sariling paglalarawan sa ating isip o imahinasyon kung ano ang itsura ng Diyos. Ang Biblia ay may malinaw na pagtuturo dito:

*Basahin ang Exodo 32:4–10*

3. Ano ang naging dahilan ng matinding pagkagalit ng Panginoon? Ano ang nais gawin ng Diyos sa kanila dahil sa napakalaking kasalanang ito?



### Note

*Pansinin natin na ang salitang “mga dios” ay ang kaparehang salitang ginagamit sa tunay sa Diyos at sila ay gumagawa ng isang imahe para maghain ng handog para masamba nila ang Diyos na naglabas sa kanila sa Ehipto. Ang buong akala nila ay nagsasamba sila sa tunay na Diyos sa pamamagitan ng rebulto na kanilang ginawa, kagaya ng mga imaheng karaniwan nakikita natin ngayon, subalit ang Panginoon ay hindi nalugod sa kanila.*

*Basahin ang Exodo 20:4–5; Awit 135:15–18*

4. Ano ang sinasabi ng mga talatang ito tungkol sa mga imahe? Sa iyong palagay, bakit kaya hindi ito kalugod-lugod sa Panginoon?

---

## Mga Imahe at Diyos-Diyosan

---

Isa sa mga karaniwang hindi napapansin na kautusan mula sa orihinal na Sampung Utos ng Diyos ay ang ikalawang utos (Exodus 20:4-5). Sa katunayan, marami ang hindi nakakaalam na ito ay isang kautusan. Subalit malinaw sa Biblia na ang Diyos ang pagsamba sa kahit anumang bagay maliba sa Kanya ay hindi kalugod-lugod sa Kanya. Kapag tayo ay gumagawa ng imahe o diyos-diyosan, ito ay isang paghamak sa kadakilaan ng ating Diyos. Kadalasan ay iniisip din natin na ang mga imahe na gawa ng kamay ng tao ay maaring magkaroon ng kapangyarihan. Ito ay hindi kalugod-lugod sa mata ng Diyos.

Subalit hindi na natin kailangan ng kahit anong karagdagang kapangyarihang pang-espirituwal. Bilang mananampalataya, Siya ay nananahan na sa ating puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na siyang Diyos!

### II. Pagsamba sa Katotohanan

Hindi sapat na sambahin lamang natin ang Diyos sa espiritu, karapat-dapat din Siyang sambahin sa katotohanan. Ibig sabihin nito ay nais ng Diyos na tayo'y magsamba ng buong isip upang masamba natin ang Diyos kung sino talaga Siya.

*Basahin ang Gawa 2:42 at Juan 16:13–16*

5. Paano natin matututunan kung ano ang katotohanan ayon sa dalawang talatang ito?

Para magawa nating sumamba sa katotohanan, dapat nating matutunan kung paano sumamba sa paraang itinuturo sa Biblia.

---

*Basahin ang 1 Corinto 6:19*

6. Noong unang panahon, kinailangan na magtayo ng templo ang Israel kung saan sila sumasamba. Subalit ngayon, nasaan ang templo ng Diyos? Saan na tayo pwedeng magsamba sa Diyos?

*Basahin ang Hebreo 10:24–25*

7. Bagama't maaari namang sambahin ang Diyos ng mag-isa, itinuturo ng talatang ito na mahalaga ang pagsamba kasama ang ibang mga nananampalataya kay Hesus. Bakit mahalagang magkaroon ng regular na pagtitipon kasama ang iba pang mga mananampalataya?

Ang tunay na pagsamba ay nararapat na gawin “gitna ng kapulungan ng mga matutuwid” (Awit 111:1). Pinapaalalahanan tayo ng Panginoon na importante na palaging magtipun-tipon para sumamba upang makapagbigay kasiyahan at tulungang gabayan ang isa't-isa. Walang Kristiyanong pwedeng mamuhay mag-isa o “*lone ranger*” – kailangan natin ang bawat isa upang sama-sama nating masamba ang Panginoon sa espiritu at sa katotohanan.

## EXPERIENCE (PAGSASABUHAY)

1. Siyasatin ang sarili at isipin kung paano mo sinasamba ang Diyos. Katulad ka ba ni David o ni Saul?
2. Anong mga pagbabago sa iyong kilos, ugali, o pokus ang pwede mong gawin upang ang iyong buhay pagsamba ay mas maging kalugod-lugod sa Diyos?
3. Mayroon ka pa bang ibang sinasamba maliban kay Hesu-Kristo? Kung mayroon ka pang mga idolo sa iyong buhay, anong mga pagbabago ang kailangan mong gawin upang masabing ikaw ay tanging sa Diyos lang sumasamba.

# EQUIP

(PAGSASANAY)

## **On-the-Job Training** (30 minuto)

Pag-aaralan ng iyong *discippler* ang antas ng iyong kahandaan sa pag-*facilitate* ng Book 1: One on One. Tingnan ang Appendix B para sa “*evaluation criteria*”.

Imbitahin mo sa pag-aaral ng “Book 1: One by One discussion group” ang napansin mong naging interesado sa iyong ibinahagi. Pagsumikapan mong makipagtagpo sa kanila sa loob ng 48 oras (dalawang araw) matapos nilang tanggapin si Hesus bilang Panginoon at Tagapagligtas.

Sa proseso, siguraduhing gawin ang bahaging EQUIP sa inyong mga aralin gaya ng ginawa sa iyo ng discippler mo.



IKAANIM NA SESYON

# ISANG TUNGKULIN

## *Pagsasaksi*

Paano mo nakilala si Hesus? Para sa karamihan sa atin, ito ay dahil may isang mananampalataya ni Hesus na tunay na nagmahal sa atin at nagnais na makilala rin natin si Siya.

Marahil kinakitaan mo siya ng kakaibang karakter at napaisip ka kung anong meron siya na wala sa iba. Marahil ay ipinanalangin ka niya, o nagpakita sa iyo ng tunay na pagmamalasakit. Marahil naanyayahan ka niya sa simbahan o ibinahagi at ipinaliwanag niya sa iyo ng personal ang mensahe ng ebanghelyo. Paano man nangyari, ngayon ay nananampalataya ka na rin kay Kristo at sumusunod sa Kanya!

Pagkakataon mo naman ngayon! Katulad ng paggamit ng Diyos sa taong nagpakilala sa iyo kay Hesus, nais din ng Diyos na ikaw ay magamit Niya. Ikaw ay nilagay ng Panginoon sa lugar o sitwasyon upang maipakilala mo Siya sa iyong pamilya, kamag-anak, kaibigan, kamag-aral, katrabaho, kapitbahay, at iba pa. Kalooban ng Diyos na ipamahagi mo ang iyong karanasan sa iba at dalhin di sila sa Kanya.

## EXPLORE (PAGSASALIKSIK)

### **Bless it Forward**

Gumuhit ng apat (4) na hanay (column) sa nakalaang puwang sa ibaba.

Mag-isip ng tatlong pagpapala na iyong natanggap mo mula sa isang mananampalataya ni Hesus na naging instrumento upang mapalapit ka sa Panginoon. Sa unang hanay, isulat ang pangalan ng nagbigay sa iyo ng biyaya. Sa ikalawang hanay, ilagay kung ano ang biyayang natanggap at kung paano ito naging instrumento upang mapalapit ka kay Hesus. Sa ikatlong hanay, magsulat ng pangalang ng tao na nais mong bigyan ng pagpapala katluad ng iyong natanggap. Sa huling hanay, isulat ang paraan kung paano mo ibibigay ang biyayang ito sa kanya.

### **MUNTING KAALAMAN**

---

Marami tayong natatanggap na mga biyaya sa bawat araw, at maaaring nababalewala natin ang mga ito. Ang pinakamagandang biyaya na maaaring matanggap ng sinoman – matanda, bata, babae, o lalaki ay ang kaloob na buhay na walang hanggan ni Kristo. Ang tunay na tagasunod ni Kristo ang may pribilehiyo na pagpalain ang iba sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo ni Hesu-Kristo. Kapag ibinahagi natin si Kristo sa iba, binibigyan natin sila ng pagkakataon na matanggap din ang pinakadakilang biyaya ng buhay na walang hanggan na matatagpuan lamang kay Hesus.

**I. Ang Puso ng Diyos**

*Basahin ang 2 Pedro 3:9*

1. Ano ang hangarin ng Diyos para sa mga hindi pa nakakakilala sa Kanya?

*Basahin ang Lucas 19:10*

2. Bakit pumarito sa mundo si Hesus? Ano ang itinuturo sa atin nito tungkol sa kung ano ang pinapahalagahan ni Hesus? Paano mo ihahambing ang iyong prayoridad sa prayoridad Niya?

**II. Ang Bahagi Natin**

*Basahin ang Gawa 1:8*

3. Ano ang ipinangako ni Hesus na mangyayari kapag dumating na ang Banal na Espiritu sa kanila? Ano ang magiging bunga nito sa kanila?

---

## Ano Ang Ibig Sabihin Ng “Saksi”?

Ang saksi (witness) ay isang tao na nagkukuwento o nagsasalaysay ng kanyang nakita o narinig. May mga taong natatakot na baka hindi sila makasagot ng tama dahil pakiramdam nila ay kulang pa ang kanilang kaalaman tungkol sa Biblia. Dahil dito pinipili nalang nilang manahimik. Subalit hindi ninanais ng Diyos na tayo ay manahimik lamang.

Hindi naman natin kailangan malaman ang lahat ng bagay bago maging isang saksi para sa Panginoon. Sa korte, hindi naman kailangang maging isang abogado para maging kapani-paniwala. Ang kailangan lang ay maisalaysay ng tama ng isang saksi kung ano ang kanyang nakita at narinig. Nakasalalay na sa hukom o hurado ang pagpapasiya batay sa salaysay ng saksi na kanilang narinig.

Ang ibig sabihin ay kahit sino ay maaaring maging saksi at kasama ka na dito! Ang iyong tungkulin bilang isang saksi ay isalaysay ang iyong karanasan kung paano mo nakilala si Hesus at kung ano ang ginawa Niya sa iyong buhay. Maaring pagtalunan ng mga tao ang teolohiya o ang paniniwala tungkol sa kahulugan ng mga talata sa Biblia, subalit hindi nila pwedeng salungatin ang iyong personal na karanasan. Ikaw lamang ang eksperto o dalubhasa pagdating sa pagkukuwento ng iyong sariling buhay. At dahil dito, ikaw ay maaring maging saksi para sa Diyos.

*Basahin ang Roma 10:13–15*

4. Ano ang kailangang gawin ng isang tao para siya ay maligtas? Ano ang ating bahagi sa prosesong iyon?

### III. Paano Ka Magiging Mahusay Na Saksi Ni Kristo?

#### A. Sa Pamamagitan ng iyong buhay

*Basahin ang Mateo 5:16*

5. Paano dapat maapektuhan ng buhay mo ang mga taong nasa paligid mo?

## B. Sa Pamamagitan ng iyong istorya

*Basahin ang Juan 4:39*

6. Ano ang ginawa ng babaeng Samaritana matapos niyang makausap si Hesus? Ano ang naging resulta?

### Pagbabahagi ng Istorya ng Iyong Buhay

Si Apostol Pablo ay nagbigay ng magandang halimbawa kung paano mo maibabahagi ang iyong kwento. Sa Gawa 26, habang siya ay nasa kulungan, inanyayahan si Pablo upang makaharap at makausap si Haring Agrippa. Ginamit ni Pablo ang pagkakataong iyon upang ibahagi ang ginawa ng Diyos sa kanyang buhay.

Nagsimula siya sa pagsasalaysay kung sino siya bago niya nakilala si Hesus, ang kanyang masigasig na pananampalataya sa Hudaismo at ang kanyang matinding galit sa mga Kristiyano. Pagkatapos ay ikinuwento niya kung papaanong nagpakita sa kanya si Hesus sa daan patungo sa Damascus at kung papaanong isinuko niya ang kanyang buhay kay Kristo. Ikinuwento din niya ang mga pagbabagong nangyari sa kanyang buhay pagkatapos niyang makilala si Hesus, kung paano niya itinalaga ang kanyang bagong buhay sa pagpapahayag ng Mabuting Balita ni Kristo sa buong mundo.

At sa huli, si Haring Agrippa ay sobrang naapektuhan at nagsabi na siya ay natakot na baka makumbinsi siya ni Pablo na maging mananampalataya.

### C. Sa Pamamagitan ng Mabuting Balita

*Basahin ang Roma 1:16*

7. Ano ang damdamin ni Pablo sa pagbabahagi niya ng Mabuting Balita sa ibang tao? Ano ang iyong damdamin sa pagbabahagi kay Kristo sa ibang tao?

*Basahin ang 2 Corinto 5:20*

8. Ano ang tawag ni Pablo sa atin? Bilang mga kinatawan ni Kristo, ano ang dapat nating gawin?

## EQUIP (PAGSASANAY)

Magpatuloy sa pagpapraktis ng “Pray-Care-Share” sa ibang tao, at pagbabahagi ng Mabuting Balita gamit ang GWTH *booklet*. Imbitahin mo na sumali sa iyong small group ang mga napansin mong naging interesado sa iyong pagbabahagi.

Magpatuloy na gamitin ang Book 1: One by One sa iyong *small group*.

Patuloy kang gagabayan at tuturuan ng iyong *discipler* habang tinuturuan mo din ang iyong grupo. Sa proseso, siguraduhing gawin ang bahagi ng EQUIP sa inyong mga aralin, katulad ng ginawa sa iyo ng iyong *discipler*.

# ANO ANG SUSUNOD?

## BOOK 3: GALATIANS

Binabati ka namin sa pagkumpleto mo sa mga aralin ng Book 2: Spiritual Disciplines! Nagtitiwala kami na lumalago ang iyong relasyon kay Kristo habang isinasabuhay mo ang iyong mga natutunan mula sa Book 2.

Para magabayan, maihanda at mapatatag ka sa iyong paglalakbay kasama si Hesus, magpatuloy ka sa pag-aaral ng BOOK 3: GALATIANS kung saan matututunan mo kung paano malaman ang ang tunay o totoong pananampalataya na nakapagliligtas, at ang huwad o di totoong pananampalataya na hindi nakapagliligtas. Magpatuloy ka lang sa pagsunod sa Panginoong Hesus habang pinag-aaralan mo ang Book 3: Galatians!





# **SUGGESTED ANSWERS**

*Mga Iminumungkahing Sagot*

## UNANG SESYON

1. Hindi tumitingin ang Diyos sa mabulaklak at paulit-ulit na salita ngunit walang kahulugan na panalangin. Dapat lumapit tayo sa Diyos bilang mapagmahal na Ama natin mula sa kaibuturan ng ating puso dahil nais nating makatagpo at makausap Siya, at hindi para magpasikat sa mga tao sa paligid natin.
2. Nakatuon ito sa kung sino ang Diyos. Sinasabi nito ang tungkol sa Diyos bilang Amang nasa langit, kung paano dapat iginalang ang Diyos, at dapat na naisin natin na masunod ang Kanyang kalooban. Kailangang makipag-usap tayo sa Diyos bilang ating Amang nasa langit.
3. Nakatuon ito sa mga dapat nating ipanalangin. Kailangan nating ipanalangin ang ating pang-araw-araw na pangangailangan, para sa kapatawaran kung nagkasala tayo sa Diyos, at paghingi ng gabay upang makaiwas sa kasalanan.
4. Nais ng Diyos na magpatawad tayo sa mga nagkasala sa atin dahil kung hindi tayo magpapatawad ay hindi natin mararansan ang Kanyang kapatawaran. Kung hindi tama ang ating kalooban, makakaapekto ito sa ating mga panalangin.
- 5.

TALATA	KONDISYON	PANGAKO
Juan 14:13	Humingi sa pangalan ni Hesus – para sa ikararangal Niya, hindi sa atin	Gagawin Niya anuman ang hilingin natin
1 Juan 5:14-15	Humingi ng naaayon sa Kanyang kalooban	Diringgin at ibibigay Niya anuman ang hilingin natin
Filipos 4:6-7	Huwag mabalisa sa halip hingin sa Diyos ang lahat ng pangangailangan	Makakadama tayo ng hindi maipaliwanag na kapayapaan sa ating mga puso
Juan 15:7	Manatili kay Kristo, laging makipag-ugnayan sa Kanya	Hingin anuman ang nais at ibibigay Niya ang iyong ipinanalangin

TALATA	KONDISYON	PANGAKO
Lucas 11:5-10	Magpursigi (magpumilit) sa paghingi, paghahanap, “pagkatok”	Tumatanggap ang bawat humihingi; nakasusumpung ang bawat humahanap; bubuksan ang pinto sa bawat kumakatok
Santiago 5:16	Ipagtapat ang mga kasalanan sa isa’t isa; ipanalangin ang bawat isa	Makakatanggap ka ng kagalingan

6. Iisa lang ang Tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao.
7. Si Hesus lang ang tanging nag-iisang maaaring maging Tagapamagitan sa iyo at sa Diyos.
8. (Ibigay ang sariling sagot.)
9. (Ibigay ang sariling sagot.)

## IKALAWANG SESYON

1. Nagbibigay ng gabay at direksiyon sa ating mga buhay ang Salita ng Diyos
2. Nagtuturo sa atin ang Biblia, nagsasabi kung ano ang dapat nating gawin, sinasabi nito ang mga maling ginagawa natin, at sinasanay tayo na bigyang parangal ang Diyos sa paraan ng ating pamumuhay. Mahalaga ang lahat ng ito para matulungan tayo na lalong maging katulad ni Kristo at para maging handa na maglingkod sa Panginoon.
3. Itinuturo sa hari na gumawa o sumulat ng kopya ng Kautusan. Nakakatulong ang pagsusulat ng Kautusan sa pamamagitan ng sarili nilang kamay na matutunan nila kung ano ang sinasabi nito at matandaan ito nang wasto. Makakatulong ang palaging pagbabasa ng Biblia na magkaroon tayo ng takot sa Diyos, manatiling mapagkumbaba, sundin ang daan na nais ng Diyos na tahakin natin, at para pagpalain ng Panginoon kapag sumunod tayo.

- 
4. Dahil ikinondisyon na niya ang kanyang sarili na pag-aralan ang Kautusan, sundin ito, at ituro ito.

## IKATLONG SESYON

---

1. Sama-sama sa pagsasalu-salo, pag-aaral mula sa turo ng mga apostol, pagtitipon-tipon, at pananalangin. Naroon ang pakiramdam ng pagkamangha dahil sa mga palatandaan at mga kababalaghan na ginagawa ng Diyos; ipinagbibili nila ang kanilang mga ari-arian para makatulong sa mga nangangailangan; mga pusong nagpupuri at nagpapasalamat; magandang reputasyon sa komunidad; maraming mga tao ang nakakilala pa kay Kristo.
2. Ipinangaral niya ang ebanghelyo, nakapag-akay ng maraming disipulo at tinulungan ang mga tao na lumago sa pamamagitan ng pagbisita, pagpapalakas at paghihikayat. Itinalaga ni Pablo ang ilan sa mga tao mula sa mga lugar na nagkaroon ng mga disipulo na maging mga *elder* (mga nakatatandang lider), at ipinanalangin niya ang mga ito at itinalaga sila sa Panginoon.
3. Tinipon niya ang mga mananampalataya para magsama-sama. Hindi isang organisasyon, isang lugar o isang gusali ang iglesya kundi ang mga tao.
4. Parehong sa pampublikong lugar at sa mga bahay-bahay. Dahil sa isang maliit na grupo mas magiging personal ang relasyon at pagkalinga. Maaaring masiyahan sila sa higit na paglalim ng relasyon at talagang mahikayat ang bawat isa na sumunod sa Panginoon.
5. Nakatutulong ito para maintindihan natin na binigyan ng Diyos ang bawat isa ng kanya-kanyang mga kaloob at mahalaga ang bawat isa para sa maayos na paggalaw ng katawan. Importante ang bawat bahagi.
6. Si Hesus ang ulo ng Iglesya. Ibig sabihin, Siya ang dapat nasusunod at kailangang gawin ng mga bahagi ng Katawan ang ano mang Kanyang ipagawa sa kanila.
7. Naglagay ang Diyos ng mga propeta, mga guro, mga ebanghelista at mga pastor. Binigyan sila ng mga kaloob para maging kasangkapan

---

sila sa pagsasanay at pagtuturo sa mga kasapi ng iglesya para sa paglilingkod sa Panginoon. Ang mga “banal” (mga mananampalataya) ang dapat na gumawa ng mga gawain sa ministeryo.

8. Katangian ng mga lider: magandang reputasyon, matapat sa kanyang asawa, sumusunod ang mga anak sa Panginoon, hindi palalo o mayabang, hindi magagalitin, hindi maglalasing, bukas ang tahanan at maayos makitungo sa mga panauhin, mapagtimpi, sumusunod sa Panginoon, at may disiplina sa sarili. Sinusunod niya ang tamang aral o doktrina at kaya niyang magturo sa mga tao ng katotohanan sa paraan na kagigiliwan siyang pakinggan.
9. (Ibigay ang sariling sagot.)
10. (Ibigay ang sariling sagot.)

## **IKAAPAT NA SESYON**

---

1. Susunod sila sa Kanya. Maaring hindi sila tunay na tagasunod Niya kung talagang hindi nila sinusunod ang Kanyang mga salita.
2. V. 28 Dapat nating isaalang-alang ang mga bagay na maaapektuhan sa ating buhay sa pagsunod sa Kanya para malaman kung talagang magtutuloy-tuloy tayo sa ating pangako.
3. V. 26 Mga bagay na hindi ganoon kahalaga kumpara sa pagsunod kay Kristo: ang ating mga pamilya at mga mahal sa buhay, at kahit na ang ating mga buhay.  
V. 28 Lahat ng bagay.
4. Bautismuhan at turuan na sumunod sa lahat ng mga iniutos Niya sa kanila.
5. Binautismuhan tayo sa Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli. Kumakatawan ito na kasama Niya tayo nang mamatay Siya, nang ilibing Siya at nang mabuhay Siyang muli mula sa kamatayan. Nangangahulugan ito na wala na at patay na ang dati nating buhay o pagkatao, at mayroon na tayo ngayong bagong buhay.

- 
6. (Ibigay ang sariling sagot.)
  7. (Ibigay ang sariling sagot.)

## IKALIMANG SESYON

---

1. Ang mahalín ang Panginoon ng ganap at higit sa lahat ang pinakamahalaga o pinakadakilang utos. Nagsasabi iyon sa atin na hindi lang mahalaga ang pagsamba ngunit dapat pinakasentrong bahagi ito ng ating mga buhay.
2. Dapat lumapit tayo sa presensiya ng Diyos na may pagtitiwala; magkaroon dapat tayo ng lubos na pananampalataya na makakapiling natin ang Diyos dahil sa sakripisyo ni Hesus para sa atin.

### **David vs. Saul**

*Mula sa puso ang pagsamba ni David, may pasasalamat, lahat ng mayroon siya.*

*Hati o kalahati ng puso ang pagsamba ni Saul. Mas inaalala niya ang makukuha niya sa kanyang pagsamba kaysa kung ano ang maibibigay niya sa Diyos sa kanyang pagsamba.*

Posibleng gawin ang mga panrelihiyong seremonya kahit na malayo ang ating mga puso sa Diyos. Kailangan nating saliksikin ang ating mga puso o motibo sa lahat ng ating mga gagawin. Kailangang ang pag-ibig natin kay Hesus ang ating motibasyon sa ating mga ginagawa.

3. Gumawa ang bayan ng Israel ng rebulto na hugis guya at sinamba nila ito na para bang ito ang diyos nila. Dahil doon, nais ng Diyos na lipulin silang lahat at muling magtatag ng panibagong bansa sa pamamagitan ni Moises.
4. Hindi tayo dapat gumawa ng kahit na anong rebulto at hindi tayo dapat yumuko dito o mag-alay sa kahit anong rebulto o larawan. Hindi nalulugod ang Diyos dahil nais Niyang sambahin natin Siya, hindi ang rebulto. Kapag ginawa natin ito, ginagawa nating Diyos ang pinatutungkulan ng ating panalangin.

---

Walang buhay ang mga rebulto o dios-diosan at hindi makakagawa ng anuman. Magiging katulad ng mga dios-diosan ang mga taong gumagawa nito – hindi nakakarinig, nakakakita, nakakapagsalita o buhay. Hindi nalulugod ang Diyos sa mga rebulto sapagkat walang buhay ito pero Siya mayroon. Bakit pa natin sasayangin ang ating lakas para sambahin ang isang bagay na walang buhay at walang kapangyarihan kung maaari naman nating sambahin ang Diyos na buhay?

5. Nasumpungan natin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagtuturo sa atin ng Salita ng Diyos at sa pamamagitan ng paggabay ng Banal na Espiritu.
6. Templo na ng Banal na Espiritu ang ating mga katawan – nananahan Siya sa ating mga buhay. Ibig sabihin, maaari na nating sambahin ang Diyos saan man tayo naroroon dahil kasama lagi natin Siya at nananahan Siya sa atin.
7. Hinihimok natin ang isa't isa na mahalín ang bawat isa at gumawa ng mabuti sa kapwa kapag nagtitipun-tipun tayo.

## **IKAANIM NA SESYON**

---

1. Ayaw Niya na mapahamak sila kundi makapagsisi para makilala Siya.
2. Bumaba Siya sa mundo para hanapin ang mga naliligaw. Ito ang Kanyang pangunahing prayoridad. Dapat ganito rin ang ating prayoridad katulad ni Hesus.
3. Ipinangako Niya na tatanggap sila ng kapangyarihan mula sa Banal na Espiritu. Ang pagiging mga saksi ang magiging resulta nito, ang pagbabahagi sa mga tao ng tungkol kay Kristo.
4. Kailangan nilang makarinig ng Salita ng Diyos at tumawag sa pangalan ng Panginoon. Maaaring tayo ang tao na gamitin ng Diyos para maibahagi sa mga tao ang tungkol kay Hesus.
5. Luluwalhatian ng mga tao ang Ama kapag nakita nila kung paano tayo mamuhay.

- 
6. Umalis ang Samaritana at ipinamalita sa ibang mga tao sa kanilang lugar kung ano ang ginawa ni Kristo. Bilang resulta, maraming mga tao ang nanampalataya kay Hesus dahil sa kanyang pagpapatotoo.
  7. Hindi ikinahihiya ni Pablo ang Ebanghelyo dahil may kapangyarihan itong magligtas.
  8. Tinawag tayo ni Pablo na mga sugo o mga *ambassador*. Bilang mga sugo ni Kristo, kinakailangang himukin natin ang mga tao na makipagkasundo sa Diyos.



APPENDIX A

**PAANO  
MANGASIWA O  
MAG-FACILITATE  
NG TALAKAYAN  
NG ISANG  
*SMALL GROUP***

---

## PANIMULA

Sa sesyong ito, matututunan mo kung paano mag facilitate ng isang small group meeting gamit ang ilang simpleng prinsipyo at kasanayan o *skills*.

### I. PAGHAHANDA PARA SA ISANG SMALL GROUP MEETING

#### Hebreo 10:25 (MBB)

At huwag kaligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon gaya ng ginawa ng ilan, kundi palakasin ang loob ng isa't isa, lalo na ngayong nakikita nating nalalapit na ang pagdating ng Panginoon.

*(Paliwanag ng Nagtuturo: Ipinag-utos ng Biblia sa atin na magpatuloy sa pagtitipon sa ating mga Dgroup o discipleship group para sa ikatitibay ng bawat isa. Dapat nakakatulong sa mga miyembro ang mga “Dgroup meetings” na maging mga tagasunod ni Hesus (Christ-Committed Follower) kaya ang paghahanda sa bawat pagtitipon ang unang dapat gawin ng isang Dgroup lider. Ito ang susi sa tagumpay ng bawat pagtitipon. May ilang mga bagay na ang kailangang ihanda ng isang lider.)*

#### A. Pagpaplano

##### Kawikaan 21:5 (MBB)

Ang mabuting pagbabalak ay pinakikinabangan ngunit ang dalus-dalos na pagawa’y walang kahihinatnan.

*(Sinasabi sa Biblia ang tungkol sa isang taong masigasig at maingat sa pagpa-plano sa kanyang gawain at pagpapatupad ng kanyang plano na nagbunga sa kabutihan. Mahalaga ang maingat na pagpaplano para sa tagumpay ng anumang gawain, lalo na sa pangunguna ng isang Dgroup. Kailangan ang maingat na pagpaplano sa bawat Dgroup meeting, lalo na kung bago ka pa lamang. Bilang lider ang ilang kailangan mong paghandaan ay ang pagkain (kung sa bahay mo gaganapin ang pagtitipon), ang petsa, ang lugar, sino ang mga dadalo at ang aralin.)*

## **B. Paghahanda**

*(Napakahalaga sa tagumpay ng bawat pagtitipon ng grupo ang paghahanda ng maaga. Sa kahit anong Dgroup meeting kailangan mong paghandaan ang ilang importanteng mga bagay.)*

### **1. Alamin ang iyong gagamiting materyal.**

*(Dito sa CCF, pinadali namin para sa mga lider ang paraan ng pangunguna sa isang Dgroup. Naghanda kami ng material na madaling gamitin para sa inyong kaginhawahan. Kung napag-aralan mo na ang mga araling ito sa iyong Dgroup o sa mga klase sa ating GLC Level 1 Essentials, wala kang magiging problema sa kung anong materyal ang iyong gagamitin. Ang materyales ay kumpleto na sa kung ano ang nais mong matutunan nila at kanila itong maipamuhay.)*

### **2. Kilalanin mo ang iyong mga miyembro.**

*(Para sa mga bagong “Dgroup Leaders” hindi niyo alam kung sino ang mga miyembrong ibibigay ng Diyos sa inyong grupo. Hindi mo alam kung ano ang kanilang pagkatao, mga pangangailangan at kung ano ang kanilang buhay ispiritwal. Kailangang nauunawaan mo ang kanilang sinasabi at nararamdaman. Alamin mo kung paano mo sila kakausapin at pakikibagayan. Bilang isang “Dgroup leader”, kailangang ikaw mismo ang magkukusa at unang gagawa ng paraan para makilala ang iyong mga miyembro. Para makilala mo pa sila ng lubusan, maari mo silang katagpuin isa-isa at makipagkwentuhan, o bilang isang grupo naman ay pwede kayong sama samang mamasyal, kumain o magkaroon ng mga gawain na magpapalago ng inyong relasyon sa isa’t isa.)*

### **3. Alamin ang paggaganapan ng iyong pagtitipon.**

*(Kailangang maayos ang lugar, lokasyon at ang paligid ay nakakatulong sa pag-aaral at sa mga layunin ng pagtitipon ng Dgroup. Kailangang isaalang-alang sa bawat pagtitipon*

---

*kung saan uupo ang mga kasama, temperatura/bentilasyon ng lugar, ingay, ilaw, kalinisan atbp.)*

#### **4. Kilalanin ang iyong Panginoon.**

*(Ang pagpapalago sa ating personal na buhay ispirituwal ay napakahalaga sa paggabay natin sa kanilang ispirituwal na paglago at paglalim. Kailangan mong bigyang halaga ang paglalim ng iyong relasyon sa Diyos sa pakikipag-ugnayan sa kanya sa pamamagitan ng panalangin. Gayundin, sa bawat pagtitipon ay siguraduhin mong kayo ay makapanalangin. Hingin ninyo ang patnubay ng Banal na Espiritu upang maunawaan at maipamuhay ng bawat isa ang inyong mga napag-aralan at natutunan. Ipanalangin din ninyo na kayo ay magkaroon ng masaya at kapaki-pakinabang na pagsasama-sama sa pagaaral ng salita ng Diyos.)*

## **II. PAGPA-FACILITATE NG TALAKAYAN NG SMALL GROUP**

### **1 Corinto 14:26 (MBB)**

Ano ngayon ang ibig sabihin ng lahat ng iyan, mga kapatid? Sa inyong pagtitipon, may aawit, may magtuturo, may maghahayag ng kalooban ng Diyos, may magsasalita sa iba't ibang wika, at mayroon namang magpapaliwanag sa sinabi nito. Gawin ninyo ang lahat ng iyan sa ikauunlad ng iglesya.

*(Ang layunin ng “Dgroup” at pagtatalakayan ay ang pagpapatatag sa mg miyembro ng grupo. Sa talakayan, dapat ang bawat isa ay magkaroon ng partisipasyon. Maaari nilang ibahagi ang kanilang natutunang aral o awit at iba pang bagay na nakatulong sa kanilang paglago at paglalim. Ang lider ang nangangasiwa sa buong panahon at proseso ng patuturo at pagaaral. Ang “facilitation” ay isang kahusayan o kasanayan (skill) na dapat matutunan ng bawat lider. Ito ay napakahalaga sa tagumpay ng inyong pagtitipon.)*

## Ano nga ba ang ibig sabihin ng “Facilitation”?

Sagot: Ito ay ang kasanayan o kahusayan (skill) sa paghihikayat sa bawat miyembro ng grupo sa masaya at masigasig na pagtalakay sa isang paksa, na ang patutunguhan ay pagkakaisa at pagkakasundo ng grupo at masayang partisipasyon ng bawat miyembro sa talakayan.

### A. Pagpa-facilitate at Pagtuturo

*(Maaaring may agam-agam at takot na nakakahadlang sa iyo upang maging Dgroup leader. Maaaring iniisip mo na hindi ka karapat-dapat na manguna ng isang Dgroup dahil hindi ka magaling magturo, ngunit ang pagpa-facilitate ay mas madalas gawin sa pangunguna ng isang Dgroup. Kailangan nating makita ang pagkakaiba ng pagtuturo at ang pagpa-facilitate para higit pa nating maunawaan ito.)*

PAGTUTURO	PAGPA-FACILITATE
Nakasentro sa pagtuturo	Nakasentro sa mga “participants”
Ang tagapagturo ang nagbibigay ng halos lahat ng ideya	Kumukuha ng ideya ang tagapangasiwa o <i>facilitator</i> sa mga kalahok
Ang tagapagturo ang madalas na nagsasalita, habang nagsusulat ng mga natutunan ang mga “participants”	Ang mga participants ang madalas na nagsasalita, pinapanatili ng <i>facilitator</i> ang pamamahala ng “group discussions” na nakapokus sa masayang talakayan
Ang tagapagturo ang eksperto sa kanyang paksang tinatalakay	Ang <i>facilitator</i> ang eksperto sa pagpoproseso (pangangasiwa)
Higit na pinagtutuunan ng pansin ng tagapagturo ang malinaw at maayos na pagtuturo at ang nilalaman ng itinuturo	Higit na pinagtutuunan ng pansin ng <i>facilitator</i> ang pamamahala o pangangasiwa ng talakayan at pag-aaral ng grupo

---

### III. ANG PAPEL NG SMALL GROUP LIDER BILANG FACILITATOR

#### 1 Colosas 3:16 (MBB)

Ang mga salita ni Cristo ay itanim ninyong mabuti sa inyong isip, magpaalalahanan kayo at magturuan nang buong kaalaman...

*(Pinayuhan ang mga mananampalataya na hayaang manahan sa kanilang puso ang mga kaalaman at natutunan nila sa pagaaral ng salita ng Diyos. Sa gayon, siguraduhing ang bawat miyembro ng Dgroup ay mabigyan ng pagkakataon at responsibilidad na turuan at paalalahanan ang isa't isa ng mga katuruan sa Biblia. Kailangang siguruhing mabuti ng facilitator na nangyayari ito sa mga talakayan sa Dgroup. Sa oras ng mga talakayan ng Dgroup, dapat alalahanin ng lider ang kanyang mga responsibilidad na tulungan ang mga miyembro na matuto ng Salita ng Diyos mula sa bawat isa at sa kabuuhan, gawing masaya ang talakayan, makabuluhan at nakakapagpabago ng buhay ng bawat isa sa grupo. Ito ang ilan sa mga bahagi na gagampanan ng isang facilitator.)*

#### A. Ang isang **facilitator** ay **isa ring miyembro ng grupo** na tumutulong na magkaroon at maging maayos ang talakayan.

*(Bukod sa iba pang mga responsibilidad ng isang Dgroup lider, pagdating sa pagpa-facilitate ng talakayan ng grupo, inilagay niya ang kanyang sarili bilang isa ring miyembro ng grupo na tumutulong na magkaroon ng maayos na talakayan. Hindi niya ipinalalagay at ipinapakita sa kanyang kilos na mas mataas ang kanyang katayuan, awtoridad at kahalagahan sa miyembro ng kanyang Dgroup; sa halip ipinapakita niya ang pag-ibig, pagtanggap at kababaang loob sa kanila. Siya ay isang “servant leader” na ang layunin ay sanayin ang mga miyembro ng kanyang Dgroup na maging katulad ni Kristo. At ipinapakita niya ito sa paraan ng kanyang pamumuno sa grupo at sa pangangasiwa ng talakayan.)*

**B. Mga opinyon ang hinihingi niya at hindi mga sagot. Inaalang niya kung ano ang naisip o nararamdaman ng tao.**

*(Ang hinahanap niya ay ang opinion at hindi ang sagot ng mga tao. Tinatanong niya kung ano ang nasaisip nila at kung ano ang nararamdaman nila.)*

*Ang hangarin ng “Facilitator” marinig ay ang mga opinion ng mga tao at hindi ang kanilang mga mabilisang sagot na hindi pinagisipan. Siya ay dapat na maging sensitibo sa kung ano ang nasa isip at nararamdaman ng kanyang mga miyembro. Hanggat maari, hinihingi niya ang kanilang mga ideya, nauunawaan at kuro-kuro. Sapagkat sa pamamagitan nito ay malaman niya kung ano ang sinasabi at nararamdaman ng kanyang mga miyembro, ang kanilang mga reaksyon at kung ano ang nangyayari o pinagdadaanan nila sa kanilang buhay. Ikaw ay hindi magiging mabisang “facilitator” kung ikaw ay mayroon na agad na paunang hatol (pre-judgments), mga kinikilingan (biases) at mga negatibong pagkilala o pagtingin (stereotypes) sa iyong mga miyembro.*

**C. Nilalayon niyang makibahagi ang bawat isa sa talakayan.**

*(Dapat kasali ang lahat sa talakayan at walang iisang tao lang ang nangingibabaw. Mahalagang papel ang ginagampanan ng facilitator sa paghikayat sa mga miyembro na makibahagi. Dapat nakikita niya kung sino ang nakikilahok at sino ang hindi. Tungkulin rin niya ang gumawa ng paraan para magkapagbahagi ang bawat isa. Sinisiguro niyang hindi lumilihis ang diskusyon sa pinag-uusapang paksa.)*

**D. Isa siyang mag-aaral. Hindi niya ipinipilit ang sarili niyang ideya.**

*(Kapag nagsasama-sama ang Dgroup, para ito sa ikatitibay ng bawat isa. Tumatayong facilitator ang Dgroup lider pero hindi lang siya ang pinanggagalingan ng mga natututunan. Kasama ng lider ang kayang mga kapatiran sa grupo na natututo. Maaaring mayroon siyang sariling mga ideya at pananaw tungkol sa isang*

---

*partikular na paksa o isyu, pero hindi niya ito dapat ipilit sa grupo. Natututo at nakikinig ang lider sa kapwa niya. Ang Biblia ang tanging pinagkukunan nila ng kanilang mga natututunan habang pinapalakas at pinangungunahan sila ng Espiritu. Kapag nagiging malalim ang samahan ng mga miyembro ng grupo, siguradong lalago sila sa pagkakatulad kay Kristo (Christlikeness)*

**E. Ibinibigay niya ang buod at nagtatanong kung papaano nila maipapahayag ang kanilang mga natutunan.**

*(Minsan, pinag-iisa at sinasalaysay ulit ng facilitator ang mga mahahalagang bagay na nabanggit ng mga miyembro sa talakayan.*

*Gayun din, ang layunin ng talakayan sa Dgroup at Bible Study ay hindi lang para sa kaalaman kundi para sa pagbabago ng buhay. Dapat niyang tapusin ang bawat sesyon ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong sa bawat isa ng praktikal na aplikasyon. Dapat personal, tiyak, nasusukat, kayang gawin, makatotohanan at may itinakdang panahon para tapusin ang praktikal na aplikasyon. Nakadisenyo ang material ng ating GLC Level 1 Essentials na may mga katanungan para sa aplikasyon sa buhay at mga aktibidad. Pinakamabuting gamitin ang ating GLC na materyales para sa iyong mga Dgroup para maging magaan para sa parte ng lider.)*

#### **IV. PATAKARAN SA PAGPA-FACILITATE NG ISANG MABUNGANG TALAKAYAN**

**Efeso 4:29 (MBB)**

Huwag kayong gumamit ng masamang pananalita; sikaping lagi na ang pangungusap ninyo'y yaong makabubuti at angkop sa pagkakaon upang pakinabangan ng makaririnig.

*(Ang talakayan tungkol sa mga katotohanan ng Biblia at kung paano isasabuhay ito sa mga buhay ng mga miyembro ang karamihan sa mga ginagawa sa isang small group. Kaya upang maging mabunga ang ating mga talakayan, hindi makasasama, kailangan nating gumamit ng ilang mga prinsipyo at kakayahan. Para maging kapaki-*



*pakinabang at nakakatulong sa pagpapalago ng mga miyembro ang mga talakayan ng ating Dgroup, may ilang mga patakaran na kailangang ipatupad ng facilitator. Kaya nga napakahalaga para sa isang Dgroup lider na malaman ang mga patakaran ng pangangasiwa ng isang mabunangang talakayan.)*

### **A. Ipaliwanag ang mga alituntunin.**

*(Unang kailangang ipaliwanag sa mga miyembro na may mga pinahahalagahang mga bagay at prinsipyo na kailangang sundin ng mga miyembro sa Dgroup. Mahigpit na hinihikayat na sumunod ang bawat miyembro sa CCF discipleship covenant.)*

<p><b>Confidentiality</b> (Marunong Mag-ingat sa Ipinagkatiwalang Impormasyon)</p>	<p>Hindi ko itsitsismis ang mga kapwa ko miyembro at sisiguruhin na mananatili sa grupo kung ano ang naibahagi sa grupo.</p>	<p>Walang maitatago sa bibig ng madaldal, ngunit kahit munting lihim ay ikinukubli ng mapagkakatiwalaan. (Kawikaan 11:13 [MBB])</p>
<p><b>Honesty</b> (Katapatan)</p>	<p>Magiging bukas ako at matapat sa aking Dgroup lider at mga kapwa miyembro.</p>	<p>Namumuhi si Yahweh sa taong sinungaling, ngunit ang tapat ay ligaya Niya at aliw. (Kawikaan 12:22 [MBB])</p>
<p><b>Respect</b> (Paggalang)</p>	<p>Irerespeto ko ang mga kasama ko sa <i>Discussion group</i> sa pamamagitan ng regular na pagdalo sa mga pagtitipon at hindi mahuhuli, at gagalangin ko ang awtoridad ng aking lider.</p>	<p>Pasakop kayo sa mga nangangasiwa sa inyo. Sila’y may pananagutang magbantay sa inyo, at magbibigay sulit sila sa Diyos ukol dito. Kung sila’y susundin ninyo, magagalak sila sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Kung hindi, sila’y mahahapis, at hindi ito makabubuti sa inyo. (Hebreo 13:17 [MBB])</p>

<p><b>Intercession</b> (Pananalangin para sa iba)</p>	<p>Madalas kong ipapanalangin ang aking <i>Discussion group</i> lider at mga kapwa miyembro.</p>	<p>Ang lahat ng ito’y gawin ninyo sa pamamagitan ng mga panalangin at pagsamo. Manalangin kayo sa lahat ng pagkakataon, sa patnubay ng Espiritu. Kaya’t lagi kayong maging handa, at patuloy na manalangin para sa lahat ng hinirang ng Diyos. (Efeso 6:18 [MBB])</p>
<p><b>Spiritual Growth</b> (Paglagon sa Espiritual na buhay)</p>	<p>Dahil sumali ako sa grupong ito para sa paglagong espirituwal at matulungan din ang iba na ganoon din ang gawin, sisikapin kong hindi magsagawa ng negosyo, humiram o mangutang ng pera, o gamitin ang grupong ito sa ibang bagay maliban sa paglagong espirituwal.</p>	<p>At sikapin nating mapukaw ang damdamin ng bawat isa sa pag-ibig sa kapwa, at sa paggawa ng mabuti. At huwag kaligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon gaya ng ginawa ng ilan, kundi palakasin ang loob ng isa’t isa, lalo na ngayong nakikita nating nalalapit na ang pagdating ng Panginoon. (Hebreo 10:24-25 [MBB])</p>
<p><b>Timothies</b></p>	<p>Ilalagay ko sa aking <i>goal</i> na magkaroon ako ng sarili kong Dgroup.</p>	<p>Ang mga narinig mo sa akin sa harapan ng maraming saksi ay ituro mo sa sa mga taong mapagkakatiwalaang magturo naman sa iba. (2 Timoteo 2:2 [MBB])</p>

## **B. Himukin na magsalita ang ibang mga kasama.**

*(Sa isang Dgroup, inaanyayahan ang bawat isa na maglingkod at magministeryo sa isa't isa. Bilang facilitator, siguraduhing nakikibahagi ang bawat isa sa buong panahon ng talakayan. Anyayahan ang mga mahiyaing miyembro na magsalita at ganoon din naman huwag hayaang may isang tao na siyang nagdodomina sa buong panahon ng talakayan. Maaaring tawagin ng facilitator isa-isa ang mga miyembro at tanungin para sagutin ang tanong. Halimbawa: "Lemuel, paano mo sasagutin ang tanong?" Napakahalaga rin na sundan ng ilang mga katanungan (o magkumento) upang mahimok ang ibang mga kasama na makilahok sa diskusyon, at nang magtuloy-tuloy ang ginagawang talakayan. "Sino pa ang may mga ideya o pananaw na nais ibahagi?" Kung napapansin mo na may isang nagdodomina na ng diskusyon, maaari mong sabihin ang ganito: "Pakinggan natin kung ano ang masasabi ng iba.")*

## **C. Maging aktibong tagapakinig**

*Santiago 1:19 (MBB)*

Tandaan ninyo ito, mga kapatid kong minamahal: matuto kayong makinig, dahah-dahan sa pagsasalita, at huwag agad magagalit.

*(Sa talatang ito, pinaaalalahanan tayo na matutong makinig, ibig sabihin dapat aktibong pakikinig ito. Hindi lang pakikinig sa mga naririnig mong sinasabi ang aktibong pakikinig, kundi pati na rin ang naobserbahan mong hindi mo narinig. Bilang isang facilitator, ibig lang sabihin nito na aktibo kang nakikipag-ugnayan sa tao na nagsasalita, isinasaisantabi ang iyong personal na agenda, at pinapanatili ang iyong sarili na hindi nagugulo ng mga iniisip mo [particular ang pag-iisip tungkol sa kung ano ang susunod mong sasabihin!]. Ito ang ilang mga tip para sa aktibong pakikinig.)*

---

<sup>1</sup>The Facilitator Excellence Handbook Fran Rees Copyright © 2005 by John Wiley & Sons, Inc. Published by Pfeiffer An Imprint of Wiley 989 Market Street, San Francisco, CA

## 1. Anong narinig mong sinabi<sup>2</sup>

*(Tumutukoy ito sa nilalaman kung ano ang sinabi. Bilang isang facilitator dapat iwasan natin na higit na interesado o nakapokus tayo sa ating sasabihin na nagiging dahilan para di natin marinig ang mga simpleng katotohanan sa talakayan. Habang nakikinig, magpokus sa ibinahagi o sa sinabi ng miyembro ng iyong Dgroup katulad ng mga pangyayari, petsa, at iba pang mahalagang impormasyon na naibahagi sa grupo.)*

## 2. Anong narinig mong hindi sinabi.<sup>3</sup>

*(Sa aktibong pakikinig, napakahalaga na obserbahan kung paano naglalabas ng saloobin ang miyembro ng iyong Dgroup. Sa maddaling salita, kailangan mong maging mapagbantay sa kung hindi ba pabago-bago ang kanilang sinasabi at ang kasabay na mga galaw ng kanilang katawan. Nagtutugma ba ang kanilang mga sinasabi sa kanilang kilos o galaw? Pakinggan ito sa tatalong aspeto:*

- Itsura ng kanyang mukha o facial expressions. Kapag sinabi ng miyembro ng iyong Dgroup na “Okey ako,” ito ba ang totoo o nakikita at sinasabi ng bakas ng kanyang mukha na “Hindi ako ganoon kasaya?”*
- Tono ng boses. Makinig kung may mga tono ng inis, galit, lungkot, sigla, nag-aalangan, takot, atbp.*
- Galaw ng katawan at tindig. Magkapatong ba o naka-krus ang mga paa at kamay o nakasara ba ito? Relax ba o ninenerbiyos ang mga tao? Nagpapahiwatig ba ang postura ng kanilang katawan na interesado pa o nababagot na? Tandaan, marami kang “maririnig” sa pamamagitan lamang ng pagmamasid sa mga kilos ng miyembro ng iyong Dgroup.)*

---

<sup>2</sup> Ibid.

<sup>3</sup> Ibid.

## D. Magtanong ng tamang tanong.

*(Nakadepende sa pagtatanong ng tamang mga tanong na may katalinuhan at kasigasigan ang matagumpay na talakayan ng isang Dgroup. Bilang facilitator, ang tanungin ang grupo upang tumugon sa ilang mga katanungan sa oras ng talakayan ang pangunahing responsibilidad mo. Nangangailangan ang pagpa-facilitate ng masiglang diskusyon ng pagbuo ng tamang klase ng mga tanong at nag-aalok ng nararapat na tugon. Ito ang ilan sa mga alituntunin sa klase ng mga tanong at mga tugon na makatutulong sa iyong grupo na makisali sa makabuluhan at nakakapagpabago ng buhay na talakayan.)*

### Mga Uri ng mga Katanungan na Dapat Itanong:

#### 1. *Open-Ended* na mga Tanong

Hindi nasasagot ng simpleng “oo” o “hindi” ang open-ended na mga tanong, hindi rin ito nasasagot sa pamamagitan ng paglalahad ng katotohanan. Hinihimok sa open-ended na mga tanong ang mga kasama na maglahad ng mga ideya, mga opinyon, mga reaksiyon, o mga impormasyon. Gumamit ng open-ended na mga tanong kung nais mong mag-isip at makilahok ang mga tao, lalo na para makakuha ng maraming mga ideya at pananaw. Napaka-epektibo ng open-ended na tanong para palawakin at palalimin ang isang paksa o para tulungan ang mga miyembro ng grupo para lalong maging matapat sa bawat isa.<sup>4</sup>

Bakit:       Bakit sinabi iyon ni Hesus?

Ano:         Ano ang sinasabi ng talata? Ano ang ibig sabihin nito?

How:         How does it apply?

#### 2. *Greater Response* na mga Tanong

May iba pang klase ng mga tanong na nakapagpapalabas ng pinakamagandang mga sagot mula sa mga miyembro. Maaari

<sup>4</sup> The Facilitator Excellence Handbook Fran Rees Copyright © 2005 by John Wiley & Sons, Inc. Published by Pfeiffer An Imprint of Wiley 989 Market Street, San Francisco, CA

---

mong gamitin ang mga katanungang ito para palabasin sa iyong mga miyembro ang iba't ibang klase ng mga tugon at dahil dito magigigng nakakaengganyo, nakakasiyang makilahok at nakakapagpabago ng buhay ang diskusyon. Nagbibigay ang listahan sa ibaba ng klase ng *greater response* na mga tanong at ang kanilang mga halimbawa.

- A. Paglalarawan: (Hal. Isalarawan ang kalunos-lunos na kalagayan ng tao sa Efeso 2:1-3.)
- B. Pagbubuod: (Hal. Ibuod ang relasyon ng puno ng ubas sa mga sanga nito sa Juan 15.)
- C. Pagpapaliwanag: (Hal. Sino ang makakapagpaliwanag ng relasyon ng mga sanga at ng puno ng ubas [Juan 15]: Maaari mo bang ipaliwanag ang relasyon ng isang Kristiyano kay Hesus?)
- D. Pagsasaliksik: (Hal. Ano pa kaya?)
- E. Mga tanong na nagbibigay ng bagong direksiyon: (Hal. Ano sa tingin mo Lemuel? Ano ang nararamdaman mo Paulo?)
- F. *Feedback* at Paglilinaw na mga tanong: (Hal. Sino ang makakapaglahad sa isang pangungusap ng ating posisyon sa bagay na ito? Mayroon bang makakapagbigay ng maikling pangungusap kung ano ang natalakay natin ngayon? Kung tama ang narinig ko, ganito ba ang sinasabi mo?)

**Ang malaman kung paano magtanong ng tamang mga tanong ang susi sa epektibong pagtatanong sa isang *small group*.**

## V. PAGTUGON NANG MAAYOS SA MGA TANONG AT KUMENTO

### Colosas 4:6 (MBB)

Sikapang mawili sila sa pakikipag-usap sa inyo at pag-aralang mabuti kung paano tutugunin ang bawat isa.

*(Pinaaalalahanan ng Biblia ang mga mananampalataya na maging matalino kung paano sila makipag-usap. Dapat maging mabait at magalang [mapagbigay], kagiliw-giliw, bukas sa pakikipagdiskusyon [salungat sa ayaw makinig at makipag-usap], nakakapagdagdag ng “tamis” sa isang usapan [sa pamamagitan ng pang-unawa o pananaw na mas malalim ang antas], at malinis at kaaya-aya ang kalooban.<sup>5</sup> Dapat laging handa ang mga mananampalataya na sumagot ng tanong tungkol sa kanilang pananampalataya at maging handa sa pagbabahagi ng personal na patotoo.*

*Samakatuwid, dapat ding nagpapakita ng ganitong mga katangian ang talakayan ng ating mga Dgroup. Dapat ding mapagbigay, kagiliw-giliw, bukas sa pakikipagdiskusyon, malalim, malinis at kaaya-aya ang talakayan ng Dgroup. Para mangyari ito, kailangang matutong tumugon ang lider/facilitator sa mga tanong at kumento. Maaaring magpatuloy o maputol ang diskusyon kung paano ka at ang ibang miyembro ng grupo sumagot sa mga tanong o mga pahayag. Kailangang matuto ang facilitator ng mga skill sa pagtugon. Ito ang ilan sa mga tip kung paano tumugon ng wasto sa mga tanong at mga kumento mula sa mga miyembro ng grupo.)*

#### **A. Paraphrasing o Pagpapakahulugan sa ibang pangungusap**

*(Ang paraphrasing, isa itong paraan ng pagpapahayag, sa iyong sariling mga salita, kung ano ang sinabi ng mga miyembro ng iyong Dgroup. Nagbibigay daan sa iyo ang paraphrasing upang ulitin at mabalikan ang mga saloobin ng iba at nagbibigay ito ng pagkakataon sa kanila na makapagbahagi ng mas malalim. Ibinubuod nito kung ano ang narinig at binibigyang daan ang grupo upang malaman ang personal na mga damdamin, mga saloobin, at mga aksyon. Gumamit ng paraphrase kung may miyembro ng grupo na nahihirapang magpahayag ng malinaw ng mga ideya at kung sa tingin mo na nahihirapan ang ibang mga miyembro na intindihin ng maayos ang iyong pinupunto.)*

---

<sup>5</sup> Life Application Bible Commentary Philippians, Colossians, & Philemon by Bruce B. Barton, D.Min. Mark Fackler, Ph.D. Lina K. Taylor Dave Veerman, M.Div.

## **B. Summarizing o Pagbubuod**

*(Sa summarizing o pagbubuod, pinananatili ang bawat isa na alerto at nakapokus ang buong grupo. Kinakailangan ang pagbubuod kung marami nang napag-usapang mga puntos at nakalap na impormasyon. Dapat itong maiksi at direkta sa pinupuntos. Ang pagtawag sa isang tao sa grupo na ibuod kung ano ang mga napag-usapan ang isang paraan ng pagbubuod. Isang magandang paraan na mabuo ang skill na ito sa grupo at para mapanatiling alerto ang bawat isa kung ano ang nangyayari. Ang pagtatanong ng ganito ang pinakamagandang paraan, “Sino ang gustong mag-summarize ng mga napag-usapan natin?” Matapos magtanong kung mayroon gustong mag-summarize, bigyan ang mga tao ng panahon na mag-isip. Kung walang sinuman ang magboluntaryo, ikaw na ang gumawa, sabihin ang ganito, “Sige, ako muna ang mag-summarize ngayon.” Anyayahan paminsan-minsan ang mga miyembro ng grupo na magbuod, kasi nakakapagpataas ito ng pag-angkin nila ng grupo sa buong proseso at nabibigyan sila ng lakas ng loob na makibahagi at magkapag-ambag.<sup>6</sup>)*

## **C. KKK: Kiss, Kick, Kiss** (HSH: Halik, Sipa, Halik)

*(Kilala rin ito sa tawag na sandwich approach. Pwede mong simulan ito sa pamamagitan ng pagsasabi ng positibong pagpuri para ma-engganyo ang tao una para sa pagtatanong. Matapos mong itama siya ng malumanay o sabihin ang tamang sagot, maaari mong selyuhan ito ng isa pang positibong kumento. Maaari mong ulitin ang unang positibong pagpuri na ibinigay mo sa kanya. O maaari kang makipag-usap sa kabuuan tungkol sa kung paano ka nasisiyahan sa kanila sa kanilang mga katanungan at kumento o maaari mong purihin sila sa kanilang kakayahang tumanggap ng pagtutuwid na mga salita.)*

---

<sup>6</sup> The Facilitator Excellence Handbook Fran Rees Copyright ©2005 by John Wiley & Sons, Inc. Published by Pfeiffer an Imprint of Wiley 989 Market Street, San Francisco, CA



---

## VI. PAGHAWAK NG MGA MIYEMBRO NG DGROUP NA MAHIRAP PAKITUNGUHAN

### **Efeso 4:2 (MBB)**

Kayo'y maging mapagpakumbaba, mabait, at matiyaga. Magmahalan kayo at magpaumanhinan.

*(Sa pangunguna sa isang Dgroup, kung paano humawak ng mahirap pakitunguhan na mga tao sa iyong grupo ang isa sa mga matinding hamon. Tandaan na hindi ka perpekto at ang mga miyembro ng iyong Dgroup. Mga makasalanan tayong lahat na naligtas sa pamamagitan ng grasya ng Diyos at mayroon tayong mga kahinaan. Kaya ito ang dahilan kung bakit dapat tayong maging mapagkumbaba, magiliw, at matiyagang inuunawa natin ang bawat isa ng may pagmamahal. Lalo na ang mga taong mahirap pakitunguhan. Pinili ka ng Diyos at gagamitin ka para turuan sila tungo sa pagiging kawangis ni Kristo.)*

### **Kawikaan 27:17 (MBB)**

Bakal ang nagpapatalim sa kapwa bakal at isip ang nagpapatalas sa kapwa isipan.

*(Dadalhin ng Diyos ang ibat ibang klase ng mga tao sa iyong Dgroup nang sa gayon lumago kayong lahat sa espirituwalidad. Naroon ang taong mahirap pakitunguhan para tulungan kang lumago sa iyong personal na paglakad sa Panginoon, lalo na sa paghulma ng pag-uugali. Ilang panahon din ang lilipas bago mo talagang makilala ang mga ugali ng iyong mga miyembro. Huwag masiraan ng loob, mayroong ilang subok nang mga pamamaraan sa paghawak ng iba't ibang uri ng mga tao na mahirap pakisamahan. Ito ang ilan sa mga iminumungkahi.)*

Uri ng Mahirap Pakitunguhan na Tao	Tugon
Magulo/Makulit	Kilalanin ang kontribusyon, tapos irepokus ang diskusyon. Hilingin ang grupo na tumugon sa kanyang ideya o pahayag.
Ma-istorya	Kapat nagkaroon ng <i>pause</i> o pahinga, pasalamatan siya at magrepokus. Maglagay ng patakaran sa oras o tagal ng diskusyon at <i>quorum</i> .
Pakiramdam Niya Alam Niya Lahat ( <i>Feeling Genius</i> )	Gamitin mo siya bilang mapagkukunan ng impormasyon, pero imungkahi na humingi muna ng ideya mula sa ibang mga kasama. Bigyan siya ng papel bilang tagapakinig at samantalahin ang kanyang sigasig.
Ma-chika	Hingan mo siya ng ideya at ibahagi ito sa grupo.

*(Kung kinakailangan, maaaring mong kausapin ang tao ng malumanay, may pagmamahal, kayo lang dalawa. Maaari mong hilingin na tulungan ka niya na gawin ang diskusyon na kapaki-pakinabang sa lahat sa pamamagitan ng pagsasabi kung ano ang kailangang magawa o mangyari na hindi lalabas na para bang tinitira mo siya ng personal. Napakahalaga rin na lagi silang ipanalangin. Kadalasan may mga binabaka at mga pasanin sa kanilang sarili ang mga mahirap intindihin na taong ito. Susubukin nila kung hanggang saan ang iyong pasensiya at kumitment sa gawain ng Diyos. Ngunit makatutulong din sila sa paglago ng iyong karakter at mga kakayahan sa pagmiministeryo. Habang matiyaga at matapat kang nagmiministeryo sa kanila, lalago ka rin sa iyong espirituwalidad.)*

APPENDIX B

***EVALUATION  
TOOL PARA SA  
PAGPA-FACILITATE  
NG SMALL GROUP***



Gamitin ang sumusunod na mga puntos para bigyan ng marka ang *facilitator*. Siguraduhing naibigay ang *evaluation sheet* na ito sa kanya pagkatapos ng *workshop*. Bilugan ang numero na makikita sa kanang bahagi na tumutugma sa iyong markang ibibigay sa mga nakasulat na partikular na gawain ng isang small group *facilitator* na nasa kaliwang bahagi. Gamitin ang sukatan sa ibaba bilang gabay mo sa pagbibigay ng marka:

	5	4	3	2	1
	Higit na Sumasang-ayon	Sumasang-ayon	Di Gaanong Sumasang-ayon	Di Sumasang-ayon	Hinding Hindi Sumasang-ayon
Facilitator: .....					
Petsa: .....					
Nagawa ng <i>facilitator</i> na manatiling nakapokus ang diskusyon sa paksa	5	4	3	2	1
Napanatili ng <i>facilitator</i> na masigla at hindi nakakabagot ang talakayan	5	4	3	2	1
Naengganyo ng <i>facilitator</i> na magbahagi ng kanilang mga opinyon ang grupo, hindi lang ang magbigay ng tamang mga sagot	5	4	3	2	1
Sinigurado ng <i>facilitator</i> na may pagkakataon ang bawat miyembro na makapagbahagi ng kanyang mga ideya sa paksang tinatalakay	5	4	3	2	1
Halos nakinig ang <i>facilitator</i> ; hinayaan niya ang mga miyembro ang magsalita ng madalas	5	4	3	2	1
Hindi pinilit ng <i>facilitator</i> ang kanyang mga sariling ideya sa diskusyon	5	4	3	2	1
Naibuod ng <i>facilitator</i> ang mga ideya na naibahagi ng grupo	5	4	3	2	1
Naitanong ng <i>facilitator</i> ang personal na aplikasyon sa buhay mula sa mga miyembro ng grupo	5	4	3	2	1
Nagawa ng <i>facilitator</i> na mag-umpisa ang pagtitipon sa tamang oras at natapos din sa tamang oras na nakalaan	5	4	3	2	1
Naisagawa ng <i>facilitator</i> ang pananalangin sa pagtitipon	5	4	3	2	1

---

Iba pang mga komento:

.....

.....

.....

.....

.....

.....

APPENDIX C

# PANGANGASIWA NG TALAKAYAN

*Maliit na Bahagi Mula Sa  
“The Basics of Facilitating:  
What Every Small-Group  
Leader Needs to Know”  
ni Amy Jackson*

---

Narito ang 10 mga paalaala para sa maayos na pagpa-facilitate

1. Isa kang lider, hindi isang guro. Turuan ang iba na matuto kung paano magsaliksik ng mag-isa sa katotohanan ng Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga great question o mahusay na mga katanungan. Huwag mong gawing parang nagtuturo ka sa klase ang oras ng inyong talakayan.
2. Hayaan ang Banal na Espiritu na mangusap sa mga miyembro ng grupo sa pamamagitan ng ginagamit na materyal sa pag-aaral, tulungan sila na maintindihan at maisabuhay ang teksto. Gayong mahalaga para sa iyo ang makapagbahagi ng iyong mga karanasan, mga kuwento, at mga opinyon, dapat ang teksto lang ang pinakapokus.
3. Tungkol sa pagiging komunidad at paglagong espirituwal ang mga small group. Habang nag-aaral kayo ng Biblia, maaaring masabak ka sa debateng teolohikal. Tandaan na hindi ito ang layunin. Kailangan mong talakayin ang teksto para maisabuhay ng matapat ang mga prinsipyo, ngunit tandaan pagbabagong buhay ang dapat maging resulta, hindi basta madagdagan lang ang kaalaman.
4. Bumuo ng ligtas na lugar para sa mga miyembro ng grupo na makapagbahagi. Huwag balewalain o salungatin ang mga kumento o mga tanong ng mga miyembro ng grupo. Bigyang suportang emosyonal ang mga tao kapag nagbabahagi sila.
5. Magtanong ng mga open-ended question na hindi masasagot ng simpleng “oo” o “hindi.” Kung kailangang magtanong na “oo” o “hind” ang sagot, siguraduhing sundan ito ng “Bakit?”
6. Para maengganyo ang mga tahimik na makilahok sa iyong tinatalakay, tawagin sila sa kanilang pangalan. Gayon din naman, huwag namang pilitin, na kung saan gumagawa ito ng isang hindi ligtas na paligid. Pwede rin na gawin ang taktikang ito sa pangangasiwa ng diskusyon kung mayroong masyadong maingay o gusto siya na lang ang laging nagsasalita sa mga miyembro ng grupo sa pamamagitan ng paglilinaw kung sino ba ang dapat nagsasalita.



7. Pasiglahin at palawigin pa ang diskusyon sa pamamagitan ng pagtugon sa mga naiambag ng mga miyembro. Maaari mong bigyang pansin o kilalanin ang tugon nila (“Salamat sa pagbabahagi, Helen”), o maaari kang magtanong ng tanong na may pinupuntos para linawin ang malawak o hindi klarong mga sagot (“Ano ang ibig mong sabihin na pakiramdam mo makasarili ka? Puwede bang ipaliwanag mo pa ito para sa amin?”). Siguraduhing tumugon din sa *non-verbal communication* (daing, malalim na hugot ng hininga, o pagtawa) – may ilang nagsasabi na ang *non-verbal* ang 90 porsiyento ng pakikipag-usap.
8. Kung may sumagot ng mali, tumugon ng maingat. Sa halip na sabihin sa mga miyembro ng grupo na mali sila, ibalik ito sa grupo. Magtanong ng ganito, “Ano sa tingin ninyo?” o “Sumasang-ayon ba ang lahat?” Maaaring tanungin mo sila ng ganito, “Nakita mo ba iyon sa Banal na Kasulatan?” Maging mahinahon sa iyong pagtugon. Mas makabubuti na pag-usapan ang isyu ng *one-on-one* sa labas ng pagtitipon, lalo na kung talagang matindi ang paninindigan ng miyembro ng iyong grupo sa kanyang sagot.
9. Kung lumilihis na sa iyong tinalakay, sabihin ang kahalagahan ng susunod na paksa, at magmungkahi na pag-usapan na lang ulit ang paksa pagkatapos – pwedeng pagkatapos ng kasalukuyang diskusyon o pagkatapos ng pagtitipon. Magandang senaryo ang lumahok ang mga tao – kahit gayong lihis sa paksa ang mga kumento. Basta lagi lang ibalik ang pag-uusap sa pangunahing paksa. Sa isang banda, minsan nauuwi sa masarap na usapan ang paglihis sa paksa. Gamitin ang pakiramdam para malaman kung kailangan ba ng mga miyembro ng iyong grupo ang pinag-uusapan sa pagkakalihis na ito.
10. Huwag kalimutang isabuhay ang mga natutunan mo! Tanungin ang mga miyembro ng grupo kung paano sila mabubuhay na may kakaibang pamumuhay tugon sa iyong tinalakay. Maaari mo ring tanungin ang mga miyembro ng grupo na tukuyin ang mga susunod na hakbang na kinakailangan nilang gawin.

---

## Ang 30 Segundong Patakarán

liwanan kita ng isang huling tip na napatunayan na napakalaking tulong sa pangunguna sa mga grupo. Napakadalas, magtatanong ang mga lider, maghihintay ng tatlo hanggang limang segundo, at pagkatapos bigla na lang sasagutin nila ang tanong. Hindi ito nakatutulong – hindi makakasali ang mga miyembro ng iyong grupo, hindi sila natututo na saliksikin nila ang Salita ng Diyos sa sarili nila. Bukod pa rito, matututunan nila na ikaw lagi ang magbibigay ng mga sagot, na kung saan hindi sila nabibigayan ng lakas ng loob na sumali sa hinaharap. Sa halip, laging maghintay ng 30 segundo matapos magtanong.

Para masanay ang iyong sarili sa ganito, magtanong at silip-silipin ang iyong relo. Hintayin ang buong 30 segundo. Pwede ka ring magpraktis sa bahay na uupo ka at wala kang sasabihin ng 30 segundo. Sasabihin ko sa iyo na sa una para bang napakatagal! Subalit ito ang natutunan ko: malamang may taong magsasalita bago matapos ang 30 segundo. At kung walang sumasagot, may taong magsasalita at magtatanong, “Ano nga ulit ang tanong?” Maaaring senyales ito na hindi klaro ang iyong katanungan. Pwede mong ulitin ang tanong sa mas mababaw na pananalita na malinaw at maiintindihan. Bakit 30 segundo? Para sa maraming tao kinakailangan ng 20 segundo para pag-isipan ang mga tanong, lalo na mga tanong na nangangailangan ng impormasyon katulad ng pagmumuni-muni at mga tanong para sa aplikasyon sa buhay. Bigyan ng oras na kailangan nila ang mga miyembro ng grupo nang sa gayon makasalí ang bawat isa sa pag-uusap.

Napakahalaga ng iyong papel bilang small group lider. May pribilehiyo ka na makapag-ministryo kasama ang Banal na Espiritu para tulungan ang mga tao na lumago. Huwag maliitin ito. Habang naglalaan ka ng oras sa pangunguna sa isang grupo, makikita mo na magiging natural na lang sa iyo ang kakayanan mo sa pagpa-*facilitate*. Samantala, maging intensiyonal sa pangunguna mo sa iyong mga pagtitipon at bigyan mo ang sarili mo ng grasya o mahaba-habang pisi kung nakakagawa ka ng mga pagkakamali. Ang totoo niyan, gagamitin ng Diyos ang papel mo sa pamumuno upang mahubog ka pa. Maging masaya ka lang sa iyong paglalakbay.

— Amy Jackson is the Managing Editor of SmallGroups.com;  
copyright 2012 by Christianity Today.

Source: <http://www.smallgroups.com>  
Accessed on 5/6/2015 @ 12:10 PM

APPENDIX D

# MGA TIP PARA SA PAGPA-FACILITATE (PANGANGASIWA) NG TALAKAYAN NG GRUPO

*Praktikal na payo para sa  
pagpupunyagi tungo sa  
pagbabago ng buhay, hindi ang  
nakakamanghang mga patitipon  
ni Carter Moss*

---

Para sa maraming “small group leaders”, ang isa sa mga mas nakakatakot gawin ay ang mangasiwa sa pagtalakay ng paksa sa isang grupo (facilitate). Kakaunti o iilan lang sa atin ang kampante ang pakiramdam na alam natin lahat ng sagot sa mga itatanong o kaya nating pangasiwaan ang anumang hindi inaasahang mahirap na sitwasyon na maari nating kaharapin. At ang mas lalo pang nagpapahirap ng sitwasyon ay hindi madaling tantyahin kung maayos ba o hindi ang ating ginagawang pangangasiwa.

## Pagtatanong ng Magandang Mga Tanong

Ang isa sa mga pinaka importanteng kahusayan (skill) sa “small group facilitation” ay ang pagtatanong ng tama at hindi ang kaalaman sa lahat ng sagot sa tanong.

1. **“Open-ended” na tanong.** Iwasan ang mga tanong na maaari lamang sagutin ng oo/hindi, tama/mali, o may pagpipiliang sagot — “Si Hesus ba ay may tupa o ang pastol sa talinhagang ito?” Iwasan din ang mga tanong na may simpleng sagot na parang pang “Sunday School”. Bakit namatay si Hesus sa krus? Magbigay ng mga katanungan na kakailanganin nilang mag-isip at mapipilitan silang magbahagi ng kanilang totoong nasa isip at saloobin.
2. **Follow-up na tanong.** Maraming mga tao na gusto lang ay mababaw at simple ang isagot sa ating mga tanong. Kaya pagsumikapan natin na hindi sila basta pabayaang magkaroon ng dahilan na hindi makibahagi sa talakayan. Magbigay ulit o sundan pa ng isang tanong na maghihikayat sa kanila na sumagot. Narito ang ilang halimbawa ng magandang “follow-up” na tanong para sa mga maiksi at simpleng sagot na madalas ibinibigay ng mga tao:
  - Ano ang dahilan bakit mo nasabi iyon?
  - Ano ang pakiramdam mo tungkol doon?
  - Sa tingin mo paano iyon makakaapekto sa iyo kung ikaw ay nabubuhay noong panahon ng Panginoong Hesus?
  - Paano mo ipapaliwanag ang iyong sagot sa iyong kaibigan o kapitbahay na hindi Kristiyano?

---

Ang layunin ay upang maabot at maintindihang mabuti kung ano ang talagang gustong sabihin ng mga tao.

- 3. Magsimula ng Argumento (pagpapaliwanagan).** Sinasabi ko sa aking ka-grupo na kung lagi kaming nagkakaisa at sumasang-ayon lang kami sa paksang aming tinatalakay, magiging “boring” ang aming pagtitipon dahil hindi na namin kakailanganin ang magdiskusyon. Ang layunin ng pagkakaroon ng diskusyon ay upang makarinig tayo ng iba’t ibang pananaw at matalakay ng mas malalim ang paksang pinag-uusapan.

Narito ang ilang halimbawa ng mga tanong na makatutulong para magkaroon ng talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong na para bang “*devil’s advocate*” ka.

- Sumasang-ayon ka ba talaga sa sinasabi ng may-akda sa kabanatang iyon? Bakit o bakit hind?
- Bakit ganoon ang pamamaraan ng Diyos? Bakit hindi pwedeng basta gawin na lang kung ano ang magustuhan?
- Ano ang sasabihin mo sa isang tao na di sumasang-ayon doon?
- Bakit kailangang gawin iyon? Bakit hindi pwedeng basta umalis na lang tayo at sa iba dumaan?

- 4. Siguraduhing ang mga natutunan ay maipamuhay.** Lagi kong sinasabi sa aking grupo na sa katapusan ng lahat ng ating ginagawang pagdidiskusyon ay kailangang siguraduhin natin na lahat ng ating natutunan ay ating maipamuhay. Dahil kung hindi ay para lang tayong umalis ng nadagdagan ng kaunting talino imbis na nagkaroon ng pababago. Kaya anuman ang inyong tinatalakay, siguraduhing magtapos sa mga tanong na maaring makatulong upang maipamuhay ang mga natutunan.

Narito ang ilang mga halimbawa:

- Ano ang kaugnayan at magagawa noon sa ating mga buhay ngayon?
- Paano mo babaguin mula ngayon ang iyong pananaw tungkol sa paksang tinalakay?

- 
- Sa susunod na linggong ito, ano ang isang bagay na pwede mong gawin na naiiba kaugnay sa paksang tinalakay bilang pasimula ng iyong pagsasabuhay ng iyong mga natutunan? (Ang ilang grupo ay ipinasusulat ang mga pananaw na naibahagi ng mga miyembro upang sa kanilang susunod na pagtitipon ay maibahagi nila ang kanilang natutunan at natandaan sa talakayan.)

## **Pagbubuo ng isang mapagkakatiwalaang kapaligiran (Environment)**

Marahil ang tiwala ang pinakamahalagang susi para talagang maging tunay na lugar kung saan mabubuo ang totoong komunidad sa iyong small group. Kailangang magtiwala sa isa't isa ang mga miyembro ng grupo para maging ligtas na lugar ang grupo – isang lugar kung saan pwede silang maging totoo at alam nila na hindi sila huhusgahan, itsi-tsismis, at marami pa.

Ngayon, paano ka makabubuo ng ligtas na kapaligiran? May ilang importanteng hakbang kang dapat gawin. Una, siguraduhing naipaliwanag ang *privacy* at mga isyu na kailangang ingatan sa *covenant* ng grupo, o alituntunin ng grupo. Isulat sa papel ang ganito, “kung ano ang napag-usapan dito at nangyari dito, dapat manatili lang dito.” Huwag mag-atubiling paalalahanan ng *covenant* sa tuwing may bagong taong dadalo sa grupo. At bilang lider, kailangang maging magandang halimbawa sa pagtupad ng pag-iingat at pagiging kompidensiyal sa iyong sarili.

Kapag may nagbabahagi sa grupo – kahit gaano ka pa di sang-ayon, o kahit mali pa ito sa teolohikal na aspeto – tiyakin na ipakita na tanggap sa kanilang sagot sa sandaling ito. Pagkatapos, maaari mong (at madalas dapat) kausapin sila tungkol sa kanilang mga sinabi sa labas ng grupo, subalit kailangang gawin ito ng one-on-one.

Gayon din, iwasan ang pagbibigay ng hindi hinihinging payo sa loob ng grupo – “Pero kung ako sa iyo, ganito na lang gagawin ko...” Ito ang isa sa pinakamadaling paraan para patahimikin ang isang tao sa pagbabahagi. Kapag narinig mo ang ibang mga miyembro ng grupo na nagsisimulang gawin ito, malumanay silang paalalahanan na “isa itong ligtas na grupo, at naririto tayo para makinig, hindi para magbigay ng payo.”

---

## Paghawak sa mga Tao na Mahirap Pakitunguhan

Sa mga *small group* ang paghawak ng tao ang mahirap na bahagi, at masakit sa ulo ang pakikitungo sa mga tao. Ang isa sa mga paborito kong libro na may pamagat na nakita ko na pinaka totoo: *Everybody's Normal Until You Get to Know Them* (Normal ang Bawat Tao Hanggang sa Makilala Mo Sila). Kasama na ako!

Ito ang ilang sa mga karaniwang “mahirap pakitunguhan na mga tao” na maaari mong makasalubong, at ilang mga *tip* o payo kung paano sila haharapin ng may pasensya o grasya:

- **Ang madaldal.** Ang taong laging marami ang sinasabi, at gustong-gusto niyang siya lagi ang unang magsalita. Paalalahanan ang bawat isa tungkol sa alituntunin ng grupo na isa itong grupo na may pantay-pantay na partisipasyon. Kaya kung mayroon kang 10 tao sa grupo, nais mong makapagbahagi ang bawat isa ng 10 porsiyento sa diskusyon.

Kung patuloy pa rin ang ganitong problema, kausapin ang taong iyon sa labas ng grupo, tiyakin na nakakapag-ambag sila sa kanilang ginagawa, at sabihin sa kanila na kailangan mo ang tulong nila para makapagbahagi at makapagkuwento ng saloobin ang ilang tao sa grupo. Minsan maaari mong hingin ang pangako nila na hindi sila ang unang dapat sumagot ng tanong, o sasagot lang kung tatawagin mo sila – o gumawa ka ng signal na puwede mong sabihin na mahaba na ang oras ng pagsasalita nila.

- **Ang tahimik.** Ito ang walang ingay na tao sa grupo na ayaw magbahagi. Kung sa tingin mo na hindi sila matatakot sa paggawa nito – na kailangan lang nila ang kaunting tapik – subukang tawagin mo sila paminsan-minsan para magbahagi ng sagot. Gayon din, siguraduhing purihin at patuloy na bigyan sila ng tibay ng loob kapag tumugon sila.

Kung hindi ito umubra, kausapin ang taong ito sa labas ng grupo. Muli, tiyakin na nakakapag-ambag sila sa kanilang ginagawa, at ipaalam sa kanila na nais mong maraming tao ang makarinig ng kanilang pananaw. Paalalahanan sila kung gaano kahalaga ang

---

lahat ng iba't ibang pananaw sa buong grupo.

- **Ang pasimuno sa paglihis.** Gustong-gusto ng taong ito na nawawala sa direksiyon ang diskusyon sa pamamagitan ng pagsisimula ng biglang palihis at paliku-likong direksiyon. Una sa lahat, huwag masiraan ng loob sa mga paglihis, huwag mag-atubiling makisali sa kanila paminsan-minsan. Kapag dumating ang pagkakataon, pilitin na ibalik ang grupo sa paksa na pinag-uusapan.

Kung napapasobra na ang problema, ulit, kausapin ang taong iyon sa labas ng grupo. Tiyakin na nakakapag-ambag sila sa kanilang ginagawa, at ipaalam sa kanila ang hirap ng pagpa-*facilitate* ng maayos na grupo at akayin sa bawat paksa na tinatalakay sa bawat linggo, at kung paano ka nahihirapan sa responsibilidad mo sa mga paglihis na nangyayari. Itanong sa kanila paano sila makakatulong sa iyo.

- **Ang walang pakiramdam na tao.** Mahilig magbigay ng mga payo ang indibiduwal na ito, ginagawang katatawanan ang mga sagot at mga tao, mahilig mambara ng mga tao, o gumagawa ng iba't ibang bagay para saktan ang damdamin ng mga miyembro sa loob ng grupo. Napakadelikado ng taong ito sa kalusugan ng iyong grupo! Mas madali nilang masisira ang grupo mula sa pagiging ligtas nito. Kaya paalalahanan muli ang bawat isa ng covenant ng grupo, at tiyakin na kausapin ng *one-on-one* ang taong ito sa labas ng grupo para malaman niya kung gaano kahalaga ang pakiramdam na ligtas ka sa grupo, at kung ano ang magagawa nila para maisakatuparan ito.



---

Tandaan – ang pagbabago sa buhay ang layunin sa huli ng talakayan, hindi ang perpektong mga diskusyon o matapos ang materyal na ginagamit. Maging bukas sa Banal na Espiritu sa bawat pagtitipon ng grupo at sumunod sa Kanyang pangunguna. Mangyayari ang ilan sa mga pinaka hindi malilimutang mga pagtitipon ng grupo kung handa ang lider na isaisantabi ang plano para sa gabi at tugunan ang higit na pangangailangan, o gumawa ng isang bagay na kasiya-siya at kusang-loob.

Napakahalaga ring maglaan ng ilang sandali sa panalangin bago magsimula ang pagtitipon ng grupo. Hilingin na pangunahan ng Diyos ang talakayan saan man Niya ito nais dalhin. At kumuha ng tao na sasanayin na makatutulong sa iyo sa pangangasiwa, nang sa gayon hindi mo ito gagawin ng mag-isa.

Tandaan na ang Diyos ang Siyang kumikilos sa puso ng mga tao – hindi tayo ang responsable dito! Simpleng taga-buo lang tayo ng paligid para sa komunidad at mangyari ang pagbabago ng buhay.

— Si Carter Moss ang Adult Ministry Catalyst para sa Community Christian Church and New Thing.

*Mula sa: <http://smallgroups.com>*

*Kinuha noong 5/6/2015 @ 12:22PM*



APPENDIX E

# SAGOT SA EXPLORE NG IKALIMANG SESYON

- 
1. El Shaddai — J. “Makapangyarihang Diyos”
  2. Adonai — I. Panginoon
  3. Jehovah Nissi — H. “Si Yahweh ang aking Watawat”
  4. Jehovah-Raah — G. “Si Yahweh (Ang Panginoon) ang aking Pastol”
  5. Jehovah Rapha  
— F. “Si Yahweh (Ang Panginoon) ang inyong Manggagamot”
  6. Jehovah Shammah — E. “Naroon si Yahweh (Ang Panginoon)”
  7. Jehovah Tsidkenu  
— D. “Si Yahweh (Ang Panginoon) ang ating Katuwiran”
  8. El Olam — C. “Ang Diyos na Walang Hanggan”
  9. Jehovah Jireh — B. “Si Yahweh (Ang Panginoon) ang Nagkakaloob”
  10. Jehovah Shalom — A. “Si Yahweh (Ang Panginoon) ay Kapayapaan”